Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
*CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION*
***Meralco Ave., Pasig City***

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## *FILIPINO 1*

## *Modyul 3*

### Pagsusuri sa Kayarian/ Kahulugan ng Salita Pagtukoy sa Sanhi at Bunga at Pagbibigay ng Alternativ na Pamagat

# Modyul 3
# Pagsusuri sa Kayarian/ Kahulugan ng Salita Pagtukoy sa Sanhi at Bunga at Pagbibigay ng Alternativ na Pamagat



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw sa iyo, kaibigan!

Kumusta ang pag-aaral mo sa iyong mga unang modyul? Siguro, may mga bahagi na medyo nahirapan ka at may mga bahagi naman na nadalian ka lang at kayang-kaya mo, ano? Ganoon talaga ang pag-aaral, kaibigan. Minsan madali lamang at kung minsan, may hirap din naman. Pero ang mahalaga, may natututunan ka sa bawat modyul na iyong pinag-aaralan. Gaya na lamang ng modyul na ito na magtuturo sa iyo ng mga bagong kaalaman sa wika.

Kung sa unang modyul, kaibigan, natutunan mo ang tungkol sa panghihiram ng mga salita, at sa pangalawang modyul ay natutunan mo ang tungkol sa mga ponemang Filipino pati na mga salitang may diptonggo at klaster, sa modyul na ito mo naman matututunan ang tungkol sa mga pares minimal sa Filipino at ang pagbubuo ng salita mula sa punong salita sa pamamagitan ng paglalapi, pag-uulit, at pagtatambal. Hindi lang iyan, matututunan mo rin ang pagbibigay ng kahulugan ng mga salita batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap at magkakaroon ka ng kaalaman sa pagtukoy ng sanhi at bunga ng mga pangyayari. Matututunan mo rin ang pagbibigay ng kahulugan sa pamagat ng isang teksto na bibigyan mo ng isang bago o alternatibong na pamagat.

O, eksayting di ba? Alam kong gusto mo nang pag-aralan ang modyul na ito.

Sige, simulan mo na.




## Ano ang matututunan mo?

Sa modyul na ito kaibigan, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:


1. natutukoy at nagagamit nang angkop ang mga pares minimal sa Filipino

2. nabubuo ang iba't ibang salita batay sa punong salita sa pamamagitan ng paglalapi, pag-uulit, at pagtatambal

3. nabibigyang-kahulugan ang magkakaugnay na pahayag upang maibigay ang sanhi ang bunga ng mga pangyayari

4. nasasabi ang kahulugan ng salita batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap

5. natutukoy ang kahulugan ng pamagat at nakapagbibigay ng alternativ



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

O, kaibigan, sa bahaging ito, aalamin natin kung ano na ang alam mo tungkol sa aralin.

Huwag kang mag-aalala, panimulang pagsubok pa lang naman ito. Basta sagutin mo lang ang mga tanong sa abot ng makakaya mo. Kapag tapos ka na sa pagsagot, gaya ng una kong ibinilin sa iyo, kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at iwasto mo nang matapat ang iyong mga sagot. Handa ka na ba? O sige, simulan mo na ang pagsagot!

I. Lagyan mo ng tsek (/) ang mga pares ng salita sa Filipino na maituturing na pares minimal.

| | | | |
|---|---|---|---|
| _____1. pala : bala | (*shovel : bullet*) | ______6. benta : binta | (*sales : vinta*) |
| _____2. tila : dila | (*stopped : tounge*) | ______7. luha : lupa | (*tears : soil*) |
| _____3. uso : oso | (*fashion : bear*) | ______8. kama : dama | (*bed : felt*) |
| _____4. balat : balot | (*skin : wrapped*) | ______9. bulok : bulak | (*rotten : cotton*) |
| _____5. patilya : kapilya | (*sideburns : chapel*) | _____10. mesa : misa | (*table : mass*) |

II. Isulat mo kung ang kayarian ng salitang nakasalungguhit sa pangungusap ay:
**a**. maylapi **b**. inuulit at **c**. tambalan.
Titik lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

1. May sarili nang paraan ng <u>pagsamba</u> sa kanilang mga diyos at diyosa ang ating mga ninuno bago pa man dumating ang mga mananakop na Kastila sa Pilipinas.
2. Nang dumating ang mga Kastila sa ating bansa, <u>bukas-palad</u> natin silang tinanggap.
3. Sila ang <u>nagpakilala</u> sa atin ng kristyanismo.
4. Natutunan ng mga ninuno mula sa mga paring Kastila ang magdasal sa <u>iba't ibang</u> imahen ng mga santo.
5. Ngunit kahit pinilit ng mga Kastila na maging kristyano ang buong kapuluan ay <u>hinding-hindi</u> sila nagtagumpay.
6. Nanatili kasing <u>kapit-tuko</u> sa pagyakap sa kanilang relihiyon ang mga kapatid nating Muslim sa Mindanao.
7. Kaya naman u<u>rong-sulong</u> ang mga Kastila sa pagyapak sa lupain ng mga Muslim sa pangambang manlaban ang mga ito laban sa kanila.
8. Hindi nga sila nagkamali sapagkat totoong <u>handang-handa</u> ang mga Muslim na ipagtanggol ang kanilang relihiyon kahit magbuwis pa sila ng buhay.
9. Dahil dito, ang mga katutubong naninirahan lamang sa mga kapatagan ang narating ng mga Kastila at <u>nabinyagan</u> para maging mga Kristyano.
10. Hanggang sa kasalukuyan, nananatiling buo at <u>matatag</u> sa kanilang pananampalataya ang mga Muslim sa Mindanao.

III. Basahin mo at unawain ang teksto. Pagkatapos mong basahin, gawin mo ang isinasaad sa bawat gawain.

## Nakakahiya… Pero Bahala Na!



Marami tayong mga ugali at paniniwala na inaakala nating nagdudulot ng mga negatibong bagay sa atin ngunit maaari rin naman palang magdulot sa atin ng mga positibong resulta lalo pa nga kung maiaaplay natin nang maayos at matalino ang mga ito sa ating buhay.

Nagpapakita raw kasi ito ng pagiging irasyunal natin bilang tao. Galing ang salitang *bahala na* sa "**bathala na**" na ang kahulugan ay pagpapaubaya sa Diyos ng mga bagay-bagay.

Kapag sinabi nating *bahala na*, hindi na natin iniisip kung ano ang magiging resulta ng ating gagawin sapagkat iniisip natin na Diyos na ang bahala para rito. O kaya nama'y hindi na tayo magsisikap para sa ating sarili at sa halip ay ipauubaya na lamang natin sa Diyos ang ating kapalaran.

Taliwas naman ang ganito sa paniniwala ng iba pang Pilipino. Para naman sa kanila, may positibong aspekto ang *hiya* at *bahala na*. Ang *hiya* ay kasasalaminan ng mataas na pagtingin at respeto natin sa ating sarili at sa ibang tao. Nahihiya tayong gawin ang isang bagay sapagkat ayaw nating magdulot ito ng di-mabuti sa ating kapwa at sa ating sarili. Umiiwas tayong makasakit ng damdamin ng ating kapwa sapagkat nirerespeto natin ang kanilang pagkatao. Iniiwasan nating mapintasan tayo ng iba at may masabi silang di-maganda tungkol sa atin sapagkat mataas ang pagtingin natin sa ating dignidad bilang tao.

Samantala, masasalamin naman sa *bahala na* ang katatagan ng loob nating mga Pilipino sa paggawa ng kahit na anong bagay at sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay. Sa likod ng ating kamalayan ay alam nating anuman ang ating gawin ay laging nariyan ang Diyos upang tayo ay tulungan at gabayan. Nagdarasal muna tayo bago magpasya sa ating gagawin at nagdarasal pa rin pagkatapos natin itong gawin upang magkaroon ito ng mabuting resulta. At dahil kinukunsulta muna natin sa Diyos ang anumang nais nating gawin, tinitiyak natin na ito ay naaayon sa Kanyang kagustuhan.



Ang *bahala na* kung gayon ay hindi pagpapaubaya ng lahat sa Diyos kundi pagpapakita ng ating mataos na pananalig sa Kanya. Pananalig na tutulungan ng Diyos ang sinumang nagsisikap para sa kanyang sarili.

Samakatwid, ang *hiya* at *bahala na* ay hindi laging negatibo. May positibong aspeto rin ang mga konseptong ito

A. Basahin mo at unawain ang bawat pangungusap na nakatala sa ibaba. Pagkatapos, piliin mo sa loob ng panaklong ang pinakamalapit na kahulugan ng salitang nakasalungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. <u>Titik lamang ang isulat mo sa sagutang papel</u>.

1. Magiging kapaki-pakinabang ang ating mabubuting ugali kung <u>maiaaplay</u> natin ang mga ito sa pang-araw-araw nating pamumuhay.
   (a. magagamit b. mapagtatagumpayan c. mangyayari d. masusukat)
2. <u>Taliwas</u> ang paniniwala ng marami tungkol sa konsepto ng *hiya* at *bahala na*.
   (a. katulad b. kabaliktaran d. kalapit e. kamukha)
3. Nagbubunga ng mga negatibong bagay ang <u>kawalan</u> natin ng *hiya*.
   (a. kakulangan b. kalabisan c. di-pagkakaroon e. di-pagdating)
4. Dapat nating pangalagaan ang ating <u>dignidad</u> bilang mga Pilipino.
   (a. lahi b. identidad c. moralidad d. dangal)
5. May <u>respeto</u> tayo sa ating kapwa kapag nahihiya tayong gumawa ng anumang bagay na makasasakit sa kanilang damdamin.
   (a. pag-unawa b. paggalang c. pagkilala d. pag-ibig)
6. Iba-iba ang ang <u>konsepto</u> ng mga Pilipino sa salitang *hiya*.
   (a. kaisipan b. kahulugan c. katumbas d. kabaligtaran)
7. Kailangan natin ang katatagan ng loob sa pagharap sa mga <u>pagsubok</u> sa buhay.
   (a. pagsusulit b. suliranin c. katanungan d. tanong)
8. Kadalasan ay ikinukunsulta natin sa Diyos, sa pamamagitan ng panalangin, ang magiging <u>bunga</u> ng ating mga gagawin.
   (a. prutas b. resulta c. epekto d. ugat)

9. Nakatutulong ang pagdarasal bago <u>magpasya</u> sa anumang gagawin.
   (a. magdesisyon  b. magtrabaho  c. mag-isip  d. magpatulong)
10. Ang *bahala na* ay nagpapakita din pala ng <u>mataos</u> na pananalig sa Diyos.
   (a. matibay  b. matatag  c. matapat  d. matapang)

B. Sagutin nang maikli ngunit malinaw ang mga sumusunod na tanong batay sa nakasaad sa teksto. <u>Isulat mo ang iyong sagot sa sagutang papel</u>.

1. Ano ang naidudulot ng pagtataglay ng tao ng labis na *hiya*? Ano naman ang naidudulot ng kawalan niya ng *hiya*?

2. Bakit dapat nating iwasan ang ugaling bahala na?

3. Anong positibong aspeto ang masasalamin sa ugaling *bahala na* ng mga Pilipino?

4. Ano namang positibong aspeto ang masasalamin sa *hiya*?

5. Saan nanggaling ang konseptong *bahala na?*

C. Piliin sa loob ng kahon ang kahulugan ng salita/pariralang *nakahilig* batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap.

1. Nakita ko na naman ang mga *musmos* sa kalsada habang papauwi ako kahapon.
2. *Nasalamin* kong muli sa kanilang mga mata ang kahirapang kanilang dinaranas.
3. Naitanong ko tuloy sa sarili, sino kayang *mapagpalang kamay* ang kakalinga sa mga batang ito?
4. Mayroon kayang *sasagip* sa kanila mula sa kaawa-awa nilang kalagayan sa buhay?
5. Nilapitan ako ng isa sa kanila at *inalok* ng tinda niyang sampaguita.
6. Napilitan tuloy akong bumili kahit *kakarampot* na lamang ang pera sa aking bulsa.
7. *Parang pinipiga ang puso* ko habang iniaabot ang bayad sa bata dahil alam kong pansamantala lamang ang tulong kong iyon sa kanya.
8. Kung marami lamang akong pera nang mga oras na iyon ay *papakyawin* kong lahat ang tinda niyang sampagita.
9. Kaya lang, ako man ay *kapos na kapos* ding kagaya nila.
10. Ipagdarasal ko na lamang na *masilayan* din nila ang pag-asa sa bawat umaga.

| | | | |
|---|---|---|---|
| matulungin | alagaan | nabanaag | magliligtas |
| kulang na kulang sa pera | kakaunti | bibilhing lahat | makita |
| bata | nakadarama ng matinding awa | niyayang bumili | |

D. Maaaring bigyan ng mambabasa ng iba't ibang alternativ na pamagat ang isang teksto ayon sa sariling interpretasyon o pakahulugan niya sa teksto. Sa iyong palagay, alin kaya sa mga nakatala sa ibaba ang pinakaangkop na alternativ na pamagat para sa tekstong iyong binasa? Titik lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

a. Mga Pagpapahalagang Pilipino
b. Kultura at Tradisyon
c. Nahihiya Ka Ba? Sige Lang, Bahala Na!
d. Hiya at Bahala Na Bilang mga Ugaling Pilipinong Maipagmamalaki Kahit Kanino at Kahit Saan

E. Umisip ka ng iyong sariling alternativ na pamagat para sa tekstong *Nakakahiya… Pero Bahala Na*! Isulat sa patlang sa ibaba ang naisip mong pamagat.

____________________________________________

(Alternativ na Pamagat)

F. Basahin ang teksto at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.

Edukasyon, Mahalaga

Napakahalaga para sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng edukasyon. Naniniwala ang marami na kapag nakatapos ng pag-aaral ang isang tao, magkakaroon siya ng magandang buhay, at kapag hindi naman siya nagkamit ng mataas na edukasyon, mahihirapan siyang umangat sa buhay. Kaya naman, ganoon na lamang ang pagsisikap ng mga magulang na Pilipino na mapag-aral ang kanilang anak. Para sa kanila, ang edukasyon lamang ang pinakamahalagang kayamanang maipamamana nila sa kanilang mga anak. Isa itong kayamanang hindi mananakaw ninuman.

Samantala, marami rin ang naniniwala na ang kawalan ng edukasyon ng mga mamamayan ay may malaking epekto sa bansa. Kapag mangmang at walang pinag-aralan ang karamihan sa mga tao, mahihirapan silang makahanap ng trabaho. Kapag wala silang trabaho, tiyak na ang kahirapang kanilang daranasin sa buhay. Kapag laganap ang kahirapan, laganap din ang kaguluhan at iba't ibang uri ng krimen. Apektado naman nito ang ekonomiya sapagkat walang mga dayuhang mangangalakal ang papasok sa bansa.

Kung tutuusin ay hindi naman nagpapabaya ang pamahalaan sa bagay na ito. Sinisikap ng pamahalaan na mapagkalooban ng libreng edukasyon ang mga kabataang Pilipino mula elementarya hanggang sekundarya. Malaking tulong na sa bawat bata ang matutong magsulat, magbasa, at magkwenta. Maililigtas na sila ng mga kaalamang ito sa tiyak na kahirapan pagdating ng araw.

1. Ayon sa paniwala ng marami, ano ang nagiging bunga kapag:

a. nakatapos ng pag-aaral ang isang tao?
b. hindi nagkamit ng mataas na edukassyon ang isang tao?

2. Ano ang sanhi ng:

a. hirap sa paghanap ng trabaho ng mga tao?
b. di pagpasok ng mga dayuhang mangangalakal sa bansa?

## ✍ *Mga Gawain sa Pagkatuto*

Sub-Aralin 1:

### Mga Pares Minimal at Kayarian ng Salita sa Filipino: Alamin, Kilalanin Mo!

*Layunin:* Pagkatapos ng sub-araling ito, inaasahan mula sa iyo, kaibigan, na:

1. natutukoy at nagagamit mo nang angkop ang mga pares minimal sa Filipino
2. nakabubuo ka ng iba't ibang salita batay sa punong salita sa pamamagitan ng paglalapi, pag-uulit, at pagtatambal

**Alamin**

Naaalaala mo pa ba kung sino si Lapulapu? Uy, mahusay ka, ha! Tama. Si Lapulapu nga ang pumatay kay Magellan. Narito ang isang teksto tungkol sa kabayanihan sa Mactan ni Lapulapu. Basahin mo ito at tiyak na maaaliw ka dahil matutuklasan mo kung gaano talaga katapang si Lapulapu. Habang binabasa mo ang teksto, bigyang-pansin at pag-aralan mo na rin ang (a.) mga salitang <u>nakasalungguhit</u> at (b.) mga salitang *nakahilig*. Sige kaibigan, umpisahan mo na ang pagbasa.



***Ako si Lapulapu:***
***Ito ang Kasaysayan ng Laban Ko!***

Mactan. Abril 1521. Isang buwan na ang nakalipas simula nang <u>dumating</u> ang expedisyon na pinamumunuan ni Magellan sa Cebu. Nabalitaan ko na ang pakay ng mga puting banyagang dumating mula sa kung saan ay mangolekta na lamang <u>basta-basta</u> ng buwis para sa pangalan ng isang haring ni wala man lamang akong ideya kung sino. <u>Naisip</u> ko tuloy, "Ano siya, sinuswerte?"

Nabalitaan ko na nanggaling ang mga dayuhang ito mula sa kabilang panig ng mundo lulan ng naglalakihang barko. Ito namang si Humabon na Raha ng Cebu, ay ano't tila yata hangang-hanga sa mga bagong dating. Aba'y isipin mo ba namang agad-agad na sumumpa ng katapatan at nangakong magbabayad nga ng buwis sa isang haring ni hindi man lamang niya kaanu-ano o kahit kakilala man lamang. Bakit ba ganito ang haring ito? Itinuturing ko pa naman sana siyang isang pinuno sapagkat ako'y kanyang **vassal.**

Ako si Lapulapu. Ako ang pinuno ng Bulaia, ang pinakamalaking bayan sa Mactan. Wala akong ibang itinuturing na hari o sinumang nakatataas pa sa akin. Kahit pa si Humabon. Hindi ako katulad ni Humabon na bilib na bilib sa mga kanyon at baril at makikintab na baluti ng mga dayuhang dumating. Nakipagkasi-kasi siya sa kapitan ng hukbong iyon na nagngangalang Ferdinand Magellan. Nakipagsanduguan pa siya, at ang masama'y nagpabinyag pa siya sa kanilang paraan ng pagsamba, sampu ng kanyang asawa, anak at limang daan ng kanyang kinasasakupan! Hindi ako katulad niya! *Bawal* para sa akin ang makipagsundo sa sinumang dayuhang hindi ko alam kung ano ang pakay sa aking inang-bayan.

Oo, nalulungkot ako sa ginawang pagtugis ni Magellan sa aking bayan. Sinunog niya ang buong Bulaia. Iniluluha ko ang kawalan ng tahanan ng aking kinasasakupan, ngunit umaapoy rin ang aking kalooban sa galit! Ibig niya akong takutin! Ibig din niyang magyabang kay Humabon na kaya niyang tugisin ang isang tulad ko! Subalit nakahanda akong hadlangan ang anumang *tangka* niya.



Nakahanda na ang tatlong libo kong mga tauhan. Armado sila ng mga sibat na may matutulis na metal kundi man, ng matutulis na kahoy na sadyang pinatigas ng apoy. Handa na rin ang kanilang mga pana at palaso, at kampilang kumikinang sa bawat tama ng liwanag. Sa isang bahagi ng karagatan na sadyang pinili ko upang maging lugar ng labanan ay tinambakan ko ng iba't ibang bato at korales. Tiyak na hindi na makakasampa sa baybay-dagat ang kanilang *bangka*. Mapipilitan silang lumusong sa tubig. At sa dalampasigan naman ay inutusan ko na rin ang aking mga tauhan na gumawa ng malalaking *hukay* upang magsilbing bitag. At buong *husay* naman nilang nagawa ito.

Mag-uumaga na. Narito na ang mga kalaban. Minsan pa'y nagpasabi si Magellan na hindi niya ibig makipaglaban, sa halip ay ibig lamang niyang mangolekta ng buwis para sa kanyang hari. Ngunit, ako, si Lapulapu, ay gustong makipaglaban. Walang nagawa ang puting kapitan kundi tugunin ang aking hamon. Lumulusong na ang mga kalaban. Ibinigay ko na ang aking hudyat.

Kumilos ang aking mga tauhan upang palibutan sila. Umulan ang mga sibat, pana at palaso sa mga mananakop. Pumutok din ang kanilang mga maliit na baril ngunit wala itong laban sa aming mga pana, sibat, maging bato at putik na aming inihagis sa kanila. Masyadong malayo ang kanilang mga bangka sa amin para kami'y tamaan ng kanilang mga bala.

Ngunit, isang tunay na *kawal* itong si Magellan. Bagamat marami sa kanyang mga kawal ang mga nangabuwal na, nanatili pa rin ito sa unahan ng kanyang mga kawal at nakikipaglaban. Tinamaan siya sa hita ng isang palasong may lason, ngunit patuloy pa rin siya sa paglaban, habang pinauuna niyang umatras ang kanyang mga kawal.

Ayaw silang tigilan ng aking mga tauhan. Patuloy sila sa pagsalakay. Umatras pabalik sa karagatan ang takot na takot na mga puting kawal. Muli, tinamaan na naman si Magellan, sa pagkakataong ito ay sa kanyang punong braso naman. Nakilala siya ng aking mga tauhan. Agad siyang dinumog ng mga ito. Tiyak na ang kanyang pagkalupig!

Buong giting na lumaban ang puting kapitan. Isa siyang bayani para sa kanyang mga tauhan. Ngunit kailangan ko ring ipaglaban ang aking bayan para muli nitong masilayan ang bukang-liwayway!

Hango sa malayang salin ni Raquel Sison-Buban ng
"The Battle of Mactan According to Lapu-Lapu"
(MLK) Filway's Philippine Almanac, 1991

O, nakawiwili bang basahing muli ang isang bahagi ng ating kasaysayan? Talagang nakawiwili nga, lalo pa't nagkukwento ito ng tungkol sa katapangan ng isang bayaning tulad ni Lapulapu, na itinuturing na bayani ng Cebu.

Alamin mo ngayon kung naunawaan mo nang lubos ang teksto. Subukin mong sagutin ang mga tanong sa ibaba.

1. Anong bayan sa Mactan ang pinamunuan ni Lapulapu?

2. Bakit galit si Lapulapu kay Haring Humabon?

3. Bakit naman galit si Lapulapu kay Magellan at ayaw niyang kilalanin ito bilang bagong hari?

4. Ano ang ipinasabi ni Magellan kay Lapulapu bago dumating ang oras ng kanilang labanan?

5. Pumayag ba si Lapulapu sa nais mangyari ni Magellan?

6. Ano ang mas ibig mangyari ni Lapulapu?

7. Ilan ang bilang ng mga tauhang inihanda ni Lapulapu para lumaban kina Magellan?

8. Anong uri ng armas ang ginamit ni Lapulapu at ng kanyang mga tauhan sa pakikipaglaban kina Magellan?

9. Anong uri ng bitag ang ipinahanda ni Lapulapu sa kanyang mga tauhan sa dalampasigan?

10. Ano ang tumama sa hita ni Magellan sa oras ng labanan?

Kumusta ang iyong pagsagot sa mga tanong? Ihambing mo rito ang mga sagot mo.

1. Bulaia
2. dahil tinugis ni Magellan ang kanyang bayan, sinunog ang buong bayan ng Bulaia na ikinawala ng tahanan ng kanyang mga nasasakupan at nagyayabang ito kay kay Haring Humabon na kaya niyang tugisin ang isang tulad ni Lapulapu
3. dahil nakipagkasundo ito kay Magellan
4. na hindi niya ibig makipaglaban kay Lapulapu, ang ibig lamang niya ay mangolekta ng buwis para sa kanyang hari
5. hindi
6. makipaglaban kay Magellan at sa mga tauhan nito
7. 3,000
8. mga sibat na may matutulis na metal at matutulis na kahoy na sadyang pinatigas ng apoy
9. malalaking hukay
10. palasong may lason

O, siguro, nadalian ka lang, ano? Binabati kita kung tama lahat ng sagot mo! Isa lang ang ibig sabihin nito, naunawaan mong mabuti ang tekstong iyong binasa. Kung hindi naman, huwag kang mag-alaala. Balikan mong muli ang teksto at hanapin ang bahaging sumasagot sa mga tanong.

**Linangin**

Ngayon, gamitin mo ang teksto sa pag-aaral ng mga pares minimal sa Filipino at sa pagbubuo ng mga salita sa pamamagitan ng paglalapi, pag-uulit, at pagtatambal. Magsisimula ka na rito:

1. Mga Pares Minimal

Anu-anong salita sa tekstong binasa mo kanina tungkol kay Lapulapu ang nakalimbag nang pahilig? Napansin mo ba ang mga sumusunod na pares ng salita:

| | | |
|---|---|---|
| *<u>ba</u>wal : <u>ka</u>wal* | *bang<u>ka</u> : tang<u>ka</u>* | *<u>hu</u>kay : <u>hu</u>say* |

Basahin mo ang mga pares ng salita. Ang pantig na may salungguhit ang may diin. Ano ang napansin mo? Magkatulad ba ng bigkas? Tama. Magkatulad nga. Magkatulad ba ng kahulugan? Magkaiba ang kahulugan, di ba? Ano kaya ang nagpaiba sa kahulugan? Napansin mo siguro na sa isang tunog lang na nasa iisang posisyon magkaiba ang bawat pares. Ang pagkakaibang ito sa isang tunog ng bawat pares ang nagpaiba sa kahulugan.

Ang pares ng salita na may magkaibang kahulugan pero magkatulad sa bigkas maliban sa isang tunog o ponema sa magkatulad na posisyon ay tinatawag na ***pares minimal***.

Suriin mo naman ang mga pares ng nga salitang ito:

| | | |
|---|---|---|
| *tulo : kulo* | *bigla : sigla* | *hangin : bangin* |

Basahin mong muli. Magkatulad ba ang bigkas? Hindi magkatulad ang bigkas ng mga salitang ito, di ba? Tama, kaya hindi ito maituturing na pares minimal.

Tingnan mo naman ngayon ang mga pares ng salitang:

| | | |
|---|---|---|
| *kape : kafe* | *dito : rito* | *noon : nuon* |

Muli mong bigkasin ang mga pares ng salita. Nagpaiba bas a kahulugan ng kape ang pagpapalit ng p sa f? Hindi nga. E, ang pagpapalit ng d at r? Hindi rin. Ang o at u? Hindi rin, di ba? Napansin mo rin siguro na magkatulad o iisa lang ang kahulugan ng mga ito. Dahil dito, hindi rin maituturing na pares minimal ang mga salitang ito.

Basta tandaan mo lang na, para maging pares minimal ang pares ng salita, kailangang magkaiba ang kahulugan pero magkatulad ang bigkas maliban sa isang tunog na nasa isang posisyon lamang.

Tingnan ko nga kung naintindihan mo. Bilugan mo ang bilang na nagpapakita ng pares minimal.

1. pato : pito (*duck : whistle*)
2. ginto : hinto (*gold : stop*)
3. lampa : dampa (*weak : hut*)
4. ubo : ulo (*cough : head*)
5. luha : suha (*tears : pomelo*)

Anu-anong bilang ang binilugan mo? Kung bilang **1, 2,** at **5** ang binilugan mo, tamang lahat ang sagot mo! Binabati kita dahil naintindihan mo ang aralin sa pares minimal. Pupunta ka naman ngayon sa susunod mong aralin.

2. Pagbubuo ng mga salita

a. Paglalapi o Maylapi

Nakita mo ba sa teksto ang ilan sa mga nakasalungguhit na salita tulad ng:

| | | |
|---|---|---|
| nagawa | pumutok | tugisin |

May napansin ka ba sa mga salitang ito? Oo, binubuo ang mga salitang ito ng punong salita at panlapi. ***Maylapi*** ang tawag sa salitang binubuo ng isang punong salita at panlapi. Narito pa ang ilang halimbawa ng mga salita mula sa teksto na binubuo ng panlapi:

| *Panlapi* | | *Punong Salita* | = | *Salitang Maylapi* |
|---|---|---|---|---|
| ma- | + | isip | = | naisip |
| -um- | + | putok | = | pumutok |
| -in | + | tugis | = | tugisin |

Napansin mo ba ang pagbabago sa panlaping **ma-** na naging **na-** sa unang halimbawa? Banghay kasi ito sa aspektong pangnagdaan kaya ang **m** ay naging **n.** Lagi mong tandaan na kapag ang pandiwa ay banghay sa aspektong pangnagdaan, ang panlaping **ma-** ay nagiging **na-**.

Tingnan mo naman ang mga salitang ito:

| *Unlapi* | + | *Punong Salita* | = | *Salita* |
|---|---|---|---|---|
| ma- | + | liit | = | maliit |
| nang- | + | galing | = | nanggaling |
| pag- | + | samba | = | pagsamba |
| ma- | + | isip | = | maisip |

Saan nakakabit ang panlapi? Sa unahan ba ng salita? Gitna? Hulihan? Oo, sa unahan nga ng punong salita nakakabit ang panlapi. ***Unlapi*** ang tawag sa panlaping ikinakabit sa unahan ng punong salita. Narito pa ang ilang halimbawa ng mga salitang may ***unlapi***: ***ma***tayog, ***nang***galing, ***pang***gabi, ***na***huli, ***pag***kanta, ***mag***simba

Ang mga salitang ito naman ang pag-aralan mo:

| *Gitlapi* | + | *Punong Salita* | = | *Salita* |
|---|---|---|---|---|
| -um- | + | dating | = | dumating |
| -in- | + | puno | = | pinuno |
| -um- | + | lusong | = | lumusong |
| -in- | + | sunog | = | sinunog |

Sa mga halimbawang ito, sa gitna ng punong salita nakakabit ang panlapi, di ba? ***Gitlapi*** ang tawag sa ganitong panlapi. Isinisingit ang gitlapi sa pagitan ng unang katinig at kasunod nitong patinig sa salita. Tandaan mo na nagagamit lamang ang gitlapi kung ang salitang ugat ay nagsisimula sa katinig. Narito pa ang ilang halimbawa: p***in***una, l***um***usong, p***um***alakpak, b***in***ati, s***um***ama, p***in***itik, t***um***agilid

Narito pa ang ilang halimbawa ng salita na gusto kong pagmasdan mo ang kayarian:

| *Hulapi* | + | *Punong Salita* | = | *Salita* |
|---|---|---|---|---|
| -an | + | tama | = | tamaan |
| -in | + | isip | = | isipin |
| -han | + | una | = | unahan |
| -an | + | tigil | = | tigila |

Saan naman nakakabit ang panlapi sa mga halimbawang ito? Tama ka, sa hulihan nga ng punong salita nakakabit ang panlapi. ***Hulapi*** ang tawag sa panlaping ito**.** Ikinakabit ang hulapi sa hulihan ng punong salita. Narito ang ilang halimbawa ng salitang may hulapi: basa***in***, layas***an***, kaba***han***, sabay***an***, libang***in***

Nalaman mo ngayon na may tatlong pangkalahatang uri ang panlapi: ang ***unlapi, gitlapi***, at ***hulapi***. Tingnan natin kung nakuha mo. Isulat mo sa sagutang papel kung ang ikinabit na panlapi sa mga punong salita ay unlapi, gitlapi o hulapi.

1. matapang
2. kinilala
3. silipin
4. sumunod
5. bantayan

Ihambing mo rito ang mga sagot mo

1. unlapi
2. gitlapi
3. hulapi
4. gitlapi
5. hulapi

Susunod mong pag-aaralan ang iba pang paraan ng paglalapi bukod sa napag-aralan mo nang pagkakabit ng unlapi, gitlapi, at hulapi..

Sikapin mong unawaing mabuti.ang mga ito, ha?

a. pag-uunlapi at pagigitlapi

| *Unlapi* | | *Gitlapi* | | *Punong Salita* | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| i- | + | -in- | + | bili | = | ibinili |
| mag- | + | -um- | + | sikap | = | magsumikap |

Sa pag-uunlapi at paggigitlapi, kinakabitan ng unlapi at gitlapi ang salita. Kagaya rin ito ng mga salitang ***i**k**in**uha*, ***nag**s**um**igaw*, ***i**s**in**abit*, at ***mag**d**um**ali*.

b. pag-uunlapi at paghuhulapi (kabilaan)

| *Unlapi* | | *Punong Salita* | | *Hulapi* | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| mag- | + | kain | + | -an | = | magkainan |
| ma- | + | tuklas | + | -an | = | matuklasan |

Sa pag-uunlapi at paghuhulapi naman, marahil napansin mo na unlapi at hulapi ang ikinakabit sa salita. Ang iba pang halimbawa nito ay ***mag**tawa**nan***, ***nag**sisi**han***, at ***pag**dikit**in***.

c. paggigitlapi at paghuhulapi

| *Gitlapi* | | *Punong Salita* | | *Hulapi* | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| -in- | + | silip | + | -an | = | sinilipan |
| -in- | + | bilin | + | -an | = | binilinan |

Sa paggigitlapi at paghuhulapi, ang salita ay kinakabitan ng gitlapi at hulapi gaya ng mga salitang s***in***ayaw***an***, k***in***indat***an***, at s***in***abi***han***.

O ngayon, alam mo nang ang iba pang paraan ng paglalapi ay ***pag-uunlapi at paggigitlapi***, ***pag-uunlapi at paghuhulapi o kabilaan*** at ***paggigitlapi at paghuhulapi***

Tingnan ulit natin kung naunawaan mo. Isulat sa sagutang papel kung ang paglalapi sa punong salita ay sa pamamagitan ng a.) pag-uunlapi at paggigitlapi b.) pag-uunlapi at paghuhulapi o kabilaan at c.) paggigitlapi at paghuhulapi. Titik lamang ang isulat sa iyong sagutang papel.

1. kinuhanan
2. pagsikapan
3. ikinuha
4. magtalunan
5. ipagsigawan

Tingnan mo kung nakuha mo ang mga tamang sagot.

1. c
2. b
3. a
4. b
5. b

b. Pag-uulit o Inuulit

Mula pa rin sa tekstong binasa mo kanina, natitiyak kong napag-ukulan mo rin ng pansin ang mga salitang nakasalungguhit na ito:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| basta-basta | hangang-hanga | kaanu-ano | bilib na bilib | agad-agad |

Ano ang pagkakatulad ng mga salitang ito? Lahat ay inuulit, di ba? Ang isa sa mga paraan ng pagbubuo ng salita ay sa pamamagitan ng pag-uulit.

***Pag-uulit*** ang tawag sa pagbubuo ng salita kung ang kabuuan nito o ang isa o higit pang pantig nito sa dakong unahan ay inuulit. May dalawang pangkalahatang uri ng pag-uulit batay sa kung anong bahagi ng salita ang inuulit: a.) ganap na pag-uulit at b.) di-ganap o parsyal na pag-uulit.

Pag-aralan mo ito.

a. Ganap na Pag-uulit

***Ganap ang pag-uulit*** kapag inuulit nang buo ang punong salita. Sa pag-uulit na ganap, may mga salitang nagbabago ang diin kapag inuulit, mayroon namang ilan na nananatili ang diin.

Narito ang mga halimbawa ng salitang inuulit na walang pagbabago sa diin:

| *Punong Salita* | *Pag-uulit* |
|---|---|
| buhay | buhay-buhay |
| isa | isa-isa |

Narito naman ang mga halimbawa ng salitang inuulit na may pagbabago sa diin:

| *Punong Salita* | *Salita* |
|---|---|
| sabi | sabi-sabi |
| bahay | bahay-bahay |

May isang bagay, kaibigan, na dapat kang tandaan sa pag-uulit ng punong salitang nagtatapos sa patinig na /o/. Ang /o/ sa unang hati ng salita ay nagiging /u/ samantalang nananatili naman ang /o/ sa ikalawang hati. Narito ang ilang halimbawa:

| *Punong Salita* | *Pag-uulit* |
|---|---|
| ano | anu-ano |
| sino | sinu-sino |
| putol | putul-putol |

b. Di-ganap o Parsyal na Pag-uulit

***Di-ganap o parsyal ang pag-uulit*** kapag ang inuulit ay bahagi lamang ng punong salita. May iba't ibang paraan ng pag-uulit na di-ganap o parsyal:

1.) pag-uulit ng unang pantig ng salita

Halimbawa:

| *Punong Salita* | *Pag-uulit* |
|---|---|
| sayaw | sasayaw |
| ulan | uulan |
| ikot | iikot |

2.) pag-uulit ng unang dalawang pantig ng salita

Halimbawa:

| *Punong Salita* | *Pag-uulit* |
|---|---|
| kanina | kani-kanina |
| simula | simu-simula |
| kabila | kabi-kabila |

3.) pag-uulit ng unang katinig at patinig o KP ng salitang may pantig na nasa kayariang katinig, patinig, katinig o KPK

Halimbawa:

| *Punong Salita* | *Pag-uulit* |
|---|---|
| suntok | susuntok |
| laktaw | lalaktaw |
| pinta | pipinta |

4.) pag-uulit ng unang dalawang pantig ng salita, ngunit sa ikalawang pantig, ang inuulit lamang ay ang unang KP kapag ang pantig ay nasa kayariang KPK

Halimbawa:

| *Punong Salita* | *Pag-uulit* |
|---|---|
| ba*luk*tot | ba*lu*-baluktot |
| ba*lig*tad | ba*li*-baligtad |
| ka*lam*pag | ka*la*-kalampag |

b. Pagtatambal o Tambalan

Kung aalalahanin mo ulit ang teksto ukol kay Lapulapu, tiyak na maaalaala mo ang mga nakasalungguhit na salitang ito:

| | | |
|---|---|---|
| <u>baybay-dagat</u> | <u>inang-bayan</u> | <u>bukang-liwayway</u> |

Ano ang kapansin-pansin sa mga salitang ito? Tama! May katambal ngang ibang salita. ***Tambalan*** ang tawag sa mga salitang ito. ***Pagtatambal*** naman ang tawag sa pagsasama ng dalawang magkaibang salita para makabuo ng isa lamang salita.

Kung may iba't ibang uri ang mga salitang maylapi at inuulit, may dalawang uri naman ang mga tambalang salita.

a. Dalawang salitang pinagtatambal na nananatili ang kahulugan. Sa uring ito, ang taglay na kahulugan ng dalawang salitang pinagtatambal ay hindi nawawala. Walang ikatlong kahulugang nabubuo sa pagtatambal.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Halimbawa: | bahay | + | kubo | = | bahay-kubo |
| | ingat | + | yaman | = | ingat-yaman |
| | kulay | + | dugo | = | kulay-dugo |

b. Dalawang salitang pinagtatambal na nagkakaroon ng ikatlong kahulugan o ng kahulugang iba sa isinasaad ng mga salitang pinagtambal

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Halimbawa: | basag | + | ulo | = | basagulo |
| | bahag | + | hari | = | bahaghari |
| | hampas | + | lupa | = | hampaslupa |

Balikan mo ang mga halimbawa sa itaas. May napansin ka bang pagkakaiba sa paraan ng pagsulat ng mga ito? Ano ang napansin mo? Tama ka. Ang mga salitang nananatili ang kahulugan kapag pinagtatambal ay isinusulat nang may gitling. Samantala, ang mga salita namang pinagtatambal na nagkakaroon ng ikatlong kahulugan ay isinusulat nang walang gitling.

Tandaan mo ang natutunan mo sa araling ito: may tatlong pangkalahatang paraan ng pagbubuo ng salita – ang **paglalapi**, **pag-uulit**, at **pagtatambal.**

Sa wakas! Natapos na rin ang una mong aralin. Medyo may kahabaan nang kaunti pero madali lang namang intindihin, di ba? Ang mahalaga, alam mo na ngayon kung ano ang mga pares minimal sa Filipino at kung paano nabubuo ang mga salita sa pamamagitan ng paglalapi, pag-uulit, at pagtatambal.

O sige, magpahinga ka muna nang kaunting minuto. Pagkatapos, simulan mo nang gawin ang susunod na gawain.

**Gamitin**

Sa bahaging ito, susubukin mong gamitin ang mga natutunan mo sa **Linangin**. Sikapin mong gawin lahat ang mga nakasaad sa bawat gawain, ha! Gaya ng ipinaalala ko sa iyo sa unahang bahagi ng modyul na ito, basahin at unawain mong mabuti ang bawat panuto para di ka magkamali sa pagsagot. Kung mayroon kang katanungan, huwag kang mahiyang lumapit at magtanong sa iyong guro. Nariyan lang siya para alalayan at gabayan ka sa pagsagot mo sa modyul na ito.

Kung handa ka na ay maaari ka nang magsimula.

A. Hanapin mo sa loob ng panaklong ang salitang maaaring ipares sa salitang nakasulat sa bawat bilang upang makabuo ng isang pares minimal. Titik lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

1. kuto : ______ (a. puto b. buto)
2. pula : ______ (a. bula b. kula)
3. pato: ______ (a. bato b. pito)
4. sinta : _____ (a. pinta b. tinta)
5. layo : _____ (a. lago b. dayo)
6. latay : _______ (a. patay b. batay)
7. kaway : ______ (a. saway b. laway
8. hila : _______ (a. sila b. pila)
9. piling : ______ (a. duling b. hiling)
10. lapag : ______ (a. hapag b. papag)

B. Isulat mo kung ang pag-uulit ng salita ay **a**. ganap at **b**. di-ganap. Titik lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

1. taun-taon
2. minu-minuto
3. lalayo
4. kami-kami
5. kala-kalahati
6. bukas na bukas
7. pupunta
8. pala-palagay
9. tawa nang tawa
10. kabi-kabila

C. Isulat mo kung ang punong salita ay nabuo sa pamamagitan ng:

a. unlapi
b. gitlapi
c. hulapi
d. pag-uunlapi at paggigitlapi
e. pag-uunlapi at paghuhulapi
f. paggigitlapi at paghuhulapi

Titik lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

1. magdamayan
2. sinilaban
3. pagtayo
4. ibinili
5. lumapit
6. amuin
7. isinuko
8. pagtalunan
9. tanggalin
10. magsumamo
11. sinuhulan
12. maglaba
13. kinawayan
14. paglayuin
15. sumigaw

Kung tapos ka na ay iwasto mo ang iyong papel. Narito ang mga wastong sagot. Tingnan mo kung tama ang mga naging sagot mo. Uulitin ko na, huwag kang mag-alaala kung hindi mo pa makuha lahat ang tamang sagot. Mayroon pa akong nakahandang mga pagsasanay para sa iyo.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. | 1. a | 2. b | 5. a | 7. a | 9. b |
| | 2. b | 3. a | 6. b | 8. b | 10. a |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | 1. a | 3. b | 5. b | 7. b | 9. a | | | |
| | 2. b | 4. a | 6. a | 8. b | 10. b | | | |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| C. | 1. e | 3. a | 5. b | 7. d | 9. c | 11. f | 13. f | 15. b |
| | 2. f | 4. d | 6. c | 8. e | 10. d | 12. a | 14. e | |

**Lagumin**

Sa sub-araling ito, nakilala mo ang mga pares minimal sa Filipino at natutunan mo ang pagbubuo ng salita mula sa isang punong salita sa pamamagitan ng paglalapi, pag-uulit, o pagtatambal.

Narito ang mahahalagang konseptong tinalakay sa aralin:

***Pares minimal*** ang tawag sa pares ng salitang magkaiba ang kahulugan ngunit magkatulad na magkatulad sa bigkas maliban sa isang tunog o ponema sa magkatulad na posisyon.

***Maylapi*** ang tawag sa salitang binubuo ng punong salita at panlapi.

***Paglalapi*** ang tawag sa pagbubuo ng salita sa pamamagitan ng pagsasama ng punong salita at panlapi.

***Unlapi*** ang tawag sa panlaping ikinakabit sa unahan ng punong salita.

***Gitlapi*** ang tawag sa panlaping isinisingit sa pagitan ng unang katinig at kasunod na patinig ng punong salita.

***Hulapi*** ang tawag sa panlaping ikinakabit sa hulihan ng punong salita.

***Pag-uulit*** ang tawag sa pagbubuo ng salita kung ang kabuuan nito o ang isa o higit pang pantig nito sa dakong unahan ay inuulit.

***Ganap ang pag-uulit*** kapag inuulit nang buo ang punong salita.

***Di-ganap o parsyal ang pag-uulit*** kapag ang inuulit ay bahagi lamang ng punong salita.

***Pagtatambal*** ang tawag sa pagsasama ng dalawang magkaibang salita para makabuo ng isa lamang salita.

***Tambalan*** ang tawag sa dalawang salitang pinagsama at nakabuo ng isa lamang salita.

Tandaan mo ang mahahalagang konseptong ito. Malaking tulong ito sa pagpapaunlad mo ng gamit ng wika.

**Subukin**

Narito ang ilang pagsasanay na susubok pa rin sa kaalamang natamo mo sa sub-araling ito. Katulad kanina, subukin mo ulit sagutin ang mga ito sa abot ng iyong makakaya. Oooopppsss! Teka muna. Gaya ng napagkasunduan natin, huwag kang mahiyang magtanong sa iyong guro kung mayroon kang hindi naintindihan, ha?

A. Gawin mong nasa anyong maylapi ang mga sumusunod na punong salita sa pamamagitan ng pagkakabit ng unlapi, gitlapi at hulapi. Maaaring magkaroon ng iba't ibang sagot sa bawat bilang pero isang sagot lamang ang hinihingi sa iyo.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Halimbawa: 1. layo | (gitlapi) | sagot: | l*um*ayo |
| 2. asa | (unlapi) | | *pag*-asa o *i*asa (maaaring isa lamang ang sagot) |

Simulan mo rito:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. bato | (gitlapi) | 6. sisi | (unlapi) |
| 2. putol | (unlapi) | 7. sara | (unlapi |
| 3. kain | (hulapi) | 8. kaway | (gitlapi) |
| 4. sayaw | (hulapi) | 9. pantay | (hulapi) |
| 5. dukot | (gitlapi) | 10. laba | (unlapi) |

B. Alamin mo kung ang pagbubuo sa mga sumusunod na salita ay:
a. pag-uunlapi at paggigitlapi b. pag-uunlapi at paghuhulapi c. paggigitlapi at paghuhulapi

Titik lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. magtawanan | 4. matabunan | 7. sinayawan | 10. tinalunan |
| 2. kinuhaan | 5. magsumikap | 8. ibinili | |
| 3. nagdumali | 6. napagsawaan | 9. napaglumaan | |

C. Hanapin mo sa loob ng panaklong ang katambal ng salita sa bawat bilang. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| 1. bantay____________ | (a. salakay | b. tulog) |
| 2. akyat_____________ | (a. puno | b. bahay) |
| 3. buhay____________ | (a. langit | b. alamang) |
| 4. urong____________ | (a. sulong | b. uwi) |
| 5. atras_____________ | (a. talikod | b. abante) |
| 6. balitang __________ | (a. kutsero | b. tsismis) |
| 7. bahay ____________ | (a. lungga | b. kubo) |
| 8. bahag ___________ | (a. hari | b. damit) |
| 9. ingat ____________ | (a. yaman | b. salapi) |
| 10. hanap ___________ | (a. swerte | b. buhay) |

D. Umisip ka ng salitang maaaring ipares sa salitang nakatala sa bawat bilang para ito maging pares minimal. Isulat mo ang sagot sa sagutang papel.

1. silya : __________________
2. siksik : __________________
3. bitaw : __________________
4. nuno : __________________
5. dakip : __________________
6. siko : ____________________
7. pakpak : ___________________
8. pantay : ___________________
9. dukha : ___________________
10. tangkay : ___________________

Kung tapos ka na, iwasto mo ang iyong papel. Narito ang mga tamang sagot.

A. (Alinman sa mga sumusunod ay tama) Kung may sagot ka, na sa palagay mo ay tama, pero wala rito, ipakita mo ito sa iyong guro.

1. binato, bumato
2. naputol, maputol, nagputol, magputol
3. kainin, kainan
4. sayawin, sayawan
5. dinukot, dumukot
6. masisi, nasisi
7. masara, nasara, nagsara, magsara, isara
8. kumaway
9. pantayan, pantayin
10. naglaba, ilaba, maglaba, paglaba

B. 1. b 3. a 5. a 7. c 9. b
2. c 4. b 6. b 8. a 10. c

C. 1. a 3. b 5. b 7. b 9. a
2. b 4. a 6. a 8. a 10. b

D. (Alinman sa mga sumusunod ay tamang sagot) Muli, ipakita mo sa iyong guro ang mga sagot mo na maaaring tama pero wala rito.

1. pilya
2. dikdik, tiktik
3. litaw
4. puno
5. lakip, takip
6. piko
7. dakdak, laklak, saksak
8. lantay, bantay
9. mukha
10. bangkay, langkay

O, mas mataas na siguro ang nakuha mong marka ngayon, ano? Pero kung sa palagay mo ay kailangan mo pa ng pagsasanay, gawin mo ang **Paunlarin**. Pwedeng magpahinga ka muna sandali, kung gusto mo bago mo ito gawin.

**Paunlarin**

Kaibigan**,** layunin ng bahaging ito na mas palalimin at palawakin pa ang iyong nalalaman sa tinalakay na paksa sa sub-araling ito. Handa ka na ba? Sige, simulan mo na.

A. Hanapin mo sa loob ng kahon sa ibaba ang salitang maaaring itambal sa salita sa bawat bilang para mabuo ang bagong kahulugan nitong taglay. Sa sagutang papel mo isulat ang iyong sagot.

1. taus__________________
2. bukod________________
3. isip __________________
4. dapit_________________
5. pantawid______________
6. bahay________________
7. silid__________________
8. batang________________
9. bukam___________________
10. lingkod__________________
11. kapus____________________
12. dalagang_________________
13. bungang_________________
14. daang___________________
15. pampalubag______________

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| lansangan | gutom | palad | araw | bibig |
| tangi | ampunan | bata | puso | bayan |
| bukid | hapon | aralan | bakal | loob |

B. Isulat mo kung ang salitang *nakahilig* sa bawat bilang ay nabuo sa pamamagitan ng **a**. paglalapi **b**. pag-uulit at **c**. pagtatambal.
Titik lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

1. Hindi matatawaran ang *kabayanihang* ipinakita ng mga bayaning Pilipino noong panahon ng himagsikan.
2. *Iba't ibang* paraan ng paglaban ang kanilang ginawa laban sa mga mananakop na dayuhan.
3. Ngunit ang mas *madalas* na pinaghahambing ay ang magkaibang paraang ginamit nina Rizal at Bonifacio sa kanilang pakikipaglaban sa mga Kastila.
4. Pinagtatalunan pa nga ng ilang Pilipino kung sino nga ba kina Rizal at Bonifacio ang mas *karapat-dapat* na tanghaling pambansang bayani ng Pilipinas.
5. Sang-ayon sa mga maka-Rizal, siya talaga ang nararapat na maging pambansang bayani dahil sa kanyang *katalinuhan* at pagiging mahinahon.
6. Samantala, si Bonifacio, na isang *anakpawis* ay ipinagpalagay ng iba na higit na nababagay maging pambansang bayani dahil sa paggamit niya ng tabak at tahasang paglaban sa mga Kastila.
7. Para naman sa iba, walang *itulak-kabigin* sa dalawa sapagkat pareho silang naghandog ng kanilang buhay para sa bayan.
8. Ayon pa sa marami, hindi lamang sina Rizal at Bonifacio ang dapat na ituring na pambansang bayani kundi ang lahat ng mga bayani ng ating lahi na naghandog ng kanilang buhay *alang-alang* sa bayan.
9. Hindi natin dapat kalimutang *gunitain* ang pagpapasakit ng ating mga bayani.
10. *Taus-puso* natin silang pasalamatan sa kalayaang tinatamasa natin sa kasalukuyan.

C. Isulat mo kung **a**. ganap o **b**. di-ganap ang pag-uulit ng salita. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. bukas na bukas
2. iiyak
3. maling-mali
4. kabi-kabila
5. sasali
6. lutung-luto
7. pala-palagay
8. kulang-kulang
9. makinis na makinis
10. kakanta

D. Lagyan ng ekis (x) ang pares ng salita sa Filipino na maituturing na pares minimal

_____1. kanta : banta (*song : threat*)
_____2. sinta : pinta (*sweetheart : painting)*
_____3. bigay : bitay (*gift : execution*)
_____4.. diles : riles (*anchovy : railroad)*
_____5.. lukso : tukso (*leap : temptation*)

6. pitsel : pinsel (*pitcher : paint brush*)
7. pula : pulo (*red : island*)
8. baso : basa (*glass : read*)
9. bigo : ligo (*frustrated : bath*)
10. lanta : kanta (*withered : song*)

Narito ang mga tamang kasagutan. Iwasto mo ulit ang iyong mga sagot.

A. 1. puso
2. tangi
3. bata
4. hapon
5. gutom
6. ampunan
7. aralan
8. lansangan
9. bibig
10. bayan
11. palad
12. bukid
13. araw
14. bakal
15. loob

B. 1. a
2. b
3. a
4. b
5. a
6. c
7. c
8. b
9. a
10. c

C. 1. a
2. b
3. a
4. b
5. b
6. a
7. b
8. a
9. b
10. b

D. 1.
2. x
3.
4. x
5. x
6. x
7.
8. x
9.
10. x

## Sub-Aralin 2

### Kahulugan ng Salita, at Sanhi at Bunga ng Pangyayari, Sabihin Mo! Teksto, Bigyan Mo ng Pamagat na Alternativo!

*Layunin:* Pagkatapos ng sub-araling ito, inaasahan, kaibigan, na:

1. nasasabi mo ang kahulugan ng mga salita batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap

2. natutukoy mo ang kahulugan ng pamagat at nakapagbibigay ka ng isang alternativ

3. nabibigyang-kahulugan mo ang magkakaugnay na pahayag upang maibigay ang sanhi at bunga ng pangyayari

**Alamin**

Kapag nabasa o narinig mo ang salitang "ahas," ano ang una mong naiisip? Tao ba? Hayop? Pareho? Maaaring maisip mo kaagad ay ang hayop na nasa mga kagubatan o madamong lugar, nanunuklaw at makamandag. Pero, pwede rin namang ang maisip mo ay isang taong taksil, traydor o masama, di ba? O kaya, halos sabay mong maisip ang dalawang ito. Pero kung nasa loob ng pangungusap ang salitang "ahas," matitiyak mo kaagad kung ano ang ibig sabihin nito batay sa pagkakagamit sa pangungusap. Halimbawa:

1. Ibinigay nila sa Manila Zoo ang nahuli nilang <u>ahas</u> sa kanilang bakuran.
2. Hindi ko alam na <u>ahas</u> pala siya, matapos kong patirahin sa amin ay ninakawan pa ako.

Ano ang kahulugan ng salitang "ahas" batay sa pagkakagamit nito sa unang pangungusap? Tama ka, hayop ang tinutukoy na "ahas" sa unang pangungusap. Ipinahiwatig ito ng pariralang *ibinigay sa Manila Zoo*. Mga hayop lamang kasi at hindi tao ang ibinibigay sa Manila Zoo para maproteksyunan at maalagaan ang mga ito, di ba?

Ano naman ang kahulugan ng salitang "ahas" sa pangalawang pangungusap? Tao, hindi ba? Anong klaseng tao? Hindi ba't traydor? Ipinahiwatig ito ng pariralang *ninakawan pa ako*. Traydor ang taong matapos mong gawan ng mabuti ay pagnanakawan ka pa. Isa pa, walang kakayahang magnakaw ang ahas, kaya tiyak kaagad na tao ang tinutukoy sa pangalawang pangungusap.

Mula sa mga halimbawang pangungusap, masasabing nagkakaroon ng iba't ibang kahulugan ang isang salita batay sa pagkakagamit sa pangungusap.

**Linangin**

Basahin at unawain mo ang tekstong nakasulat sa bahaging ito. Habang binabasa mo, isipin mo na rin kung ano ang kahulugan ng mga salitang *nakahilig* batay sa pagkakagamit ng mga ito sa pangungusap. Simulan mo na ang pagbasa ngayon.

**Pananalig sa Diyos: Pag-asa sa Panahon ng Krisis**



Marami na tayong naririnig at nababalitaan tungkol sa mga di-magandang nangyayari sa Pilipinas sa kasalukuyan gaya ng banta ng terorismo, *pagdukot* sa mga Pilipinong manggagawa sa Gitnang Silangan, katiwalian sa gobyerno, pagbulusok ng halaga ng piso laban sa dolyar, at kakulangan sa hanapbuhay ng mga mamamayan. Patuloy na *bumabagsak* ang ekonomiya ng Pilipinas na nagdudulot ng krisis sa bansa. Ang sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng langis ay nagiging dahilan kung bakit *lumilipad* ang presyo ng mga bilihin na halos di na kayang abutin ng mga ordinaryong mamamayan. Marami sa kanila ang nawawalan na ng pag-asang umangat sa buhay dahil sa matinding kahirapang nararanasan sa kasalukuyan. *Titirik* na lamang daw ang kanilang mata ay hindi pa sila *makatitikim* ng ginhawa sa buhay. Para sa karamihan, *madilim* na ang buhay na kanilang hinaharap.

Wala na ring tiwala ang mga mamamayan sa ilan sa mga pinuno ng bayan dahil sa pagiging tiwali at korap ng mga ito. Ang nakalulungkot, hindi lamang ang mga nakaupo sa pamahalaan ang nagsasamantala sa kaban ng bayan, kundi pati na rin ang matataas na opisyal ng pulisya at militar. Hindi na tuloy alam ng mga mamamayan kung kanino sila lalapit at hihingi ng tulong sa sandali ng kagipitan at pangangailangan. Ang tingin kasi nila sa mga pinunong ito ay *lintang* sumisipsip sa dugo ng mga Pilipino.

Hindi naman natin masisisi ang mga mamamayan kung maging ganito man ang kanilang damdamin sapagkat lantaran na rin ang paggawa ng masasamang bagay ng mga politito at mga opisyal ng pulisya at militar gaya ng pakikisangkot nila sa kidnaping, pagtulak ng droga, karnaping, ekstorsyon, at iba pang imoralidad. Ang iba naman ay nasasangkot sa protistusyon kundi man mga *batang* ibinabahay o sinusustentuhann.

Kung iisipin, tila wala na nga yatang pag-asang *makabangon* pa ang Pilipinas mula sa krisis na kinalalagyan natin ngayon. Pero ang totoo, malaki pa ang pag-asa natin kung magtutulung-tulong lamang ang lahat at magsisikap na paunlarin ang sarili nang hindi na palaging umaasa sa gobyerno. Ang *paglipad* ng mga Pilipino patungo sa ibang bansa ay isang alternatibong solusyon sa kasalukuyang problemang pang-ekonomiya ng Pilipinas. Ang dolyar na kanilang kikitain at ipadadala sa Pilipinas ay makatutulong sa paglago ng reserbang dolyar ng bansa na makatutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya. Ang *pagsusunog ng kilay* ng mga kabataan habang may pagkakataon pa silang mag-aral ay makatutulong din para hindi na sila maging *pasanin* pa ng gobyerno pagdating ng araw. Ang *paghihigpit ng sinturon* habang may pambansang krisis tayong dinaranas ay makatutulong din. Tipirin din natin ang paggamit sa kuryente, tubig, gasolina, at langis.

Huwag tayong mawalan ng pag-asa. Ito na lamang ang mahalagang bagay na natitira sa atin kaya't huwag nating hayaang pati ito ay mawala pa sa atin.

Higit at lalo sa lahat, huwag din tayong *bibitiw* sa Diyos. Sa panahon ng mga problema at di-magagandang pangyayaring nagaganap sa ating paligid, tanging ang Diyos lamang ang maaari nating sandalan at mahingan ng tulong. Habang patuloy tayong nagsisikap at nagpapakasipag ay patuloy din tayong manalangin dahil nariyan lamang Siya at patuloy na nakasubaybay at nakaalalay sa atin. Ibibigay Niya ang ating mga kahilingan sa Kanyang panahon at sa Kanyang sariling kaparaanan. Sa pagpupunyagi at pananalangin, laging may pag-asa tayong kakamtin.

Naritong muli ang ilang katanungang makatutulong sa iyo para matiyak kung naunawaan mo ang tekstong iyong binasa. Subukin mong sagutin ang bawat tanong.

1. Anu-anong patunay ang ibinigay ng sumulat para palitawing may krisis nga o problemang dinaranas ang Pilipinas?

2. Bakit daw hindi naniniwala ang iba na naghihirap ang bansa?

3. Bakit nawawalan ng tiwala sa ilang politiko ang mga mamamayan?

4. Sa palagay ng awtor, may pag-asa pa bang makaahon sa krisis ang bansa? Anu-anong patunay ang kanyang ibinigay para masabi ito?

5. Para sa awtor, anong bagay ang di natin dapat kalimutan sapagkat ito ang magbibigay sa atin ng pag-asa?

Isang pagbati ang ibinibigay ko sa iyo kung ang mga sumusunod ang sagot mo sa bawat tanong. Kung hindi mo naman nakuha lahat ng tamang sagot, huwag kang malungkot. Basahin mo na lang ulit ang teksto para mahanap mo ang mga sagot na ito.

1. ang patuloy na *pagbagsak* ng ekonomiya ng Pilipinas, ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin na halos di na kayang abutin ng mga ordinaryong mamamayan, at ang kawalan ng pag-asa ng mga mamamayan
2. marami pa ring mayaman at patuloy na yumayaman
3. dahil sa maruming gawain ng mga politiko gaya ng pagsasamantala sa mahihirap at pagnanakaw sa pera ng bayan
4. oo, naniniwala ang awtor na may pag-asa pang umunlad ang Pilipinas kailangan lamang magtulung-tulong at magkaisa ang mga Pilipino, patunay din ang pagtatrabaho ng mga Pilipino sa ibang bansa, ang pag-aaral na mabuti ng mga estudyante, ang pagtitipid ng mga mamamayan
5. pagdarasal sa Diyos

Ano ang naramdaman mo matapos mong basahin ang teksto? Nalungkot ka ba dahil sa problemang kinakaharap ng bansa? Maaari.

Nagalit ka ba dahil sa pagbabale-wala ng ilang politiko sa pangangailangan ng mga mamamayan? Marahil.

Natuwa ka ba dahil sa kabila ng lahat ay may pag-asa pa ang bansa natin sapagkat hindi tayo pababayaan ng Diyos na lumikha sa atin? Sigurado.

Pwede ring naramdaman mo nang sabay-sabay ang lahat ng ito, di ba? Nakatulong ang masining na paggamit ng salita ng sumulat para madama mo ang nilalaman ng teksto. Kung nadama mo ang nilalaman ng teksto, ibig sabihin ay naunawaan mo rin ito at nakuha mo ang kahulugan ng mga salita batay sa pagkakagamit ng mga ito sa pangungusap.

A. **Pagkuha ng Kahulugan ng Salita Batay sa Pagkakagamit sa Pangungusap**

Balikan mo ang unang talata sa teksto at hanapin mo ang mga salitang nakasulat nang *pahilig*. Maibibigay mo ba ang kahulugan ng bawat salita batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap?

1. *pagdukot* sa mga manggagawang Pilipino
2. *bumabagsak* na ekonomiya
3. *lumilipad* na presyo ng mga bilihin
4. *titirik ang mata* nang walang nadaramang pag-asa
5. *makatitikim* ng ginhawa sa buhay

Tama ka kung ang mga sumusunod ang iyong sagot:

1. pagkidnap
2. patuloy na humihina
3. walang tigil sa pagtaas
4. mamamatay
5. makararanas

Sa pagkakataong ito ay ikaw naman ang magbibigay ng kahulugan ng iba pang salitang *nakahilig* sa teksto.

1. *madilim* na kinabukasan
2. *lintang* sumisipsip sa dugo ng Pilipino
3. *batang* ibinabahay
4. pag-asang *makabangon* sa kahirapan
5. *paglipad* sa ibang bansa
6. ipagpatuloy ang *pagsusunog ng kilay*
7. huwag maging *pasanin* ng gobyerno
8. *paghihigpit ng sinturon* ng mamamayan
9. *huwag bibitiw* sa Diyos
10. *sinasagot* ng Diyos ang mga panalangin

Iwasto mo ang iyong nga sagot. Tingnan mo kung ganito ang naging mga sagot mo:

1. kawalan ng pag-asa, kahirapan
2. mapagsamantala, manghuhuthot
3. kerida, kabit
4. magkaroon ng maayos o mabuting pamumuhay
5. pagtungo sa ibang bansa o pangingibang-bayan
6. pag-aaral na mabuti
7. pabigat
8. pagtitipid
9. laging magtiwala sa Diyos
10. dinidinig o pinagbibigyan

Nakuha mo bang lahat ng tamang sagot? Masaya ako para sa iyo kung mas marami kang nakuhang tamang sagot. Kung hindi naman, walang problema, okey lang. May susunod pa namang mga gawaing katulad nito sa pagpapatuloy mo sa pagbuklat ng modyul na ito. Natitiyak kong mas mataas na ang markang makukuha mo mamaya.

**B. Pagbibigay ng Pamagat na Alternativ**

Ano kaya sa palagay mo ang ibig sabihin ng pamagat na *Pananalig sa Diyos: Pag-asa sa Panahon ng Krisis*? Kung pagbabatayan ang nilalaman ng teksto, mangangahulugan ang pamagat na huwag tayong mawalan ng pag-asa gaano man kabigat ng krisis na kinakaharap natin sa kasalukuyan. Nariyan palagi ang Diyos upang tayo ay tulungan basta 't manalig lamang tayo sa Kanya. Ang krisis

ay bahagi ng buhay, di ito magtatagal at laging may mahahanap na solusyon para rito sa tulong ng Diyos.  Ang pag-asa ay palaging kakambal ng anumang krisis, problema o pagsubok.

Tandaan mo na ang anumang teksto o babasahin ay palaging nakalantad sa iba't ibang interpretasyon o pagkaunawa ng mambabasa.  Maaaring ang awtor mismo ay may sariling pakahulugan sa kanyang isinulat pero hindi niya mapipigil ang mambabasa na magbigay ng sarili nitong pakahulugan o interpretasyon batay sa sarili niyang pagkaunawa sa teksto.

Halimbawa, kung mas nagbigay-pansin ang mambabasa sa unang bahagi ng teksto, maaaring ang ibigay niyang pamagat ay isa sa mga sumusunod:

a. *Mga Problema ng Bansa, Lumalala*
b. *Iba't Ibang Suliranin ng Pilipinas*
c. *Ang Krisis sa Pilipinas*
d. *Pilipinas, Nahaharap sa Krisis*

Samantala, kung ang huling bahagi naman ng teksto ang mas binigyan niya ng pansin, ano kayang pamagat na alternativ ang ibibigay niya para rito?  Maaaring alinman sa mga sumusunod ang ibigay niya:

a. *Panalangin Kontra Suliranin*
b. *Sa Diyos Tayo Lagi Tumawag*
c. *Walang Bibitiw sa Panalangin*
d. *Diyos ang Pag-asa sa Panahon ng Krisis*

Maaaring maging ikaw ay magkaroon ng ibang interpretasyon o pag-unawa sa tekstong kababasa mo lang, hindi ba?  Halimbawa, kung sasabihin ko sa iyong bigyan mo ng isang bago o alternativ na pamagat ang teksto, maaaring ang pagbabatayan mo ng pamagat na iyong ibibigay ay kung ano ang pagkaunawa mo sa teksto.  Isang paraan ito ng pagbibigay ng alternativ na pamagat.

Sige nga, kung pabibigyan sa iyo ng pamagat na alternativ ang tekstong *Pananalig sa Diyos: Pag-asa sa Panahon ng Krisis*, ano ang ibibigay mo?  Isulat mo ang iyong sagot sa patlang.

____________________________________________

(Pamagat na Alternativ)

Suriin mo ngayon ang pamagat na iyong ibinigay batay sa mga sumusunod:

1. May kaugnayan ba ang iyong pamagat sa nilalaman ng teksto?
   Kung mayroon, hindi ba nito ibinubunyag ang kabuuan ng teksto?
2. Maikli lamang ba ang ito? Madali ba itong tandaan?
3. Nakakukuha ba ito ng atensyon ng mambabasa?
4. Malinaw ba at madaling maunawaan ang mga salitang ginamit mo?
5. Pinag-isip ba nito ang mambabasa?

Kung ang sagot mo sa lahat ng tanong sa itaas ay ***oo,*** isa lamang ang ibig sabihin nito, taglay ng iyong ibinigay na pamagat na alternativ ang mga katangian ng isang mabuting pamagat.

Mahalagang may kaugnayan ang pamagat sa teksto upang sa pamagat pa lamang ay magkaroon na ng paunang impormasyon ang mambabasa kung tungkol saan ba ang babasahin niyang teksto. Ngunit hindi naman nangangahulugang ibinubunyag na ng pamagat ang nilalaman ng teksto dahil kung magkakaganito, mawawalan na ng interes ang sinumang mambabasa na tunghayan at basahin ang kabuuan ng teksto kung alam na niya sa pamagat pa lamang kung ano ang nilalaman nito.

Kailangang maikli lamang ang pamagat. Mas maganda kung madaling matandaan. Dapat ding nakakagaganyak ito at nagbibigay ng interes sa mambabasa. Sa pamagat kasi nakasalalay kung ipagpapatuloy ng mambabasa ang pagbasa sa teksto o hindi.

Importante ring malinaw at madaling maunawaan ang mga salitang gagamitin sa pamagat. Kung hindi naiintindihan ng mambabasa ang pamagat, aakalain niyang ganoon din ang buong teksto kaya mas malamang na hindi na niya itutuloy ang pagbasa.

Higit sa lahat, ang isang mabuting pamagat ay humihikayat sa mambabasa na mag-isip at maging kritikal o mapanuri. Kailangang mahamon nito ang talino ng mambabasa na pag-isipan sa pamagat pa lamang kung ano ang nakatakdang niyang basahin pati na ang kahalagahan nito.

## C. Pagtukoy sa Sanhi at Bunga

Balikan mo ang mga pahayag na ito mula sa teksto:

a. Patuloy na *bumabagsak* ang ekonomiya ng Pilipinas na nagdudulot ng krisis sa bansa.
b. Ang sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng langis ay nagiging dahilan kung bakit *lumilipad* ang presyo ng mga bilihin.
c. Marami sa kanila ang nawawalan na ng pag-asang umangat sa buhay dahil sa matinding kahirapang nararanasan sa kasalukuyan.

Ano ang bunga ng patuloy na pagbagsak ng ekonomiya ng Pilipinas? Tama. Nagdudulot ito ng krisis sa bansa. Ano ang sanhi ng paglipad ng presyo ng mga bilihin? Magaling. Dulot ito ng sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng langis. Samantala, ano naman ang sanhi kung bakit nawawalan ng pag-asang umangat sa buhay ang mga Pilipino? Mahusay. Dahil nga ito sa matinding kahirapang nararanasan nila sa kasalukuyan.

Kapansin-pansin na ang mga pangungusap na ito ay nagsasabi ng sanhi at bunga, hindi ba? Ang **pagtukoy sa sanhi at bunga** ay pagkilala sa relasyong namamagitan sa mga sitwasyong **a** at **b**, na ang ibig sabihin, ang sitwasyong **a** ang siyang sanhi ng pagkakaroon ng sitwasyong **b**. O maaari namang, ang sitwasyong **b** ang bunga o epekto ng sitwasyon **a**.

Isa-isahin natin ang mga halimbawang pangungusap sa itaas:

Sitwasyon **a** - patuloy na pagbagsak ng ekonomiya ng Pilipinas (sanhi)
Sitwasyon **b** - krisis sa bansa (bunga)

Sitwasyon **a** – sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng langis (sanhi)
Sitwasyon **b** – paglipad ng presyo ng mga bilihin (bunga)

Sitwasyon **a** - matinding kahirapang nararanasan sa kasalukuyan (sanhi)
Sitwasyon **b** - marami ang nawawalan ng pag-asang umangat sa buhay (bunga)

Pag-aralan mo ang ilustrasyong ito:

1. ang **a** ang sanhi o dahilan ng **b**
2. dahil sa **a**, nangyari o naganap ang **b**
3. ang **b** ang bunga o resulta ng **a**

Tandaan mo na ang relasyong sanhi at bunga ay may kaugnayan sa pagsagot sa tanong na "bakit?" o "ano ang dahilan?" sa mga pangyayari o sitwasyong nagaganap. Halimbawa: Bakit nawawalan ng tiwala ang mga mamamayan sa mga pinuno ng bansa? Ano ang dahilan ng pangingibang-bayan ang mga mangagawang Pilipino? Bakit hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa?

Ginagamit ang mga pangatnig na *dahil sa*, *bunga ng*, *bilang resulta*, *kung kaya*, *kapag*, *sanhi ng*, *kasi*, *kaya naman*, *sapagkat*, at iba pa upang ipakita ang relasyong sanhi at bunga.

**Gamitin**

Susubukin mong gamiting muli sa bahaging ito ang mga natutunan mo sa **Linangin**. Katulad sa Sub-Aralin 1, sikapin mong gawing lahat ang mga nakasaad sa bawat gawain. Kung mayroon kang tanong, huwag kang mahiyang lumapit sa iyong guro para magabayan at matulungan ka niya. Simulan mo na ang pagsagot sa mga gawain kung handa ka na.

Basahin mo ang teksto, pagkatapos, sagutin mo ang mga tanong na kaugnay nito.

Sa Asya isinilang ang lahat ng mga pangunahing relihiyon sa daigdig. Ang bawat relihiyong ito ay may iba't ibang paniniwala at paraan ng pagsamba ngunit lahat ay may iisang paniniwala na may isa lamang makapangyarihang lumikha ng lahat ng bagay sa daigdig. Ang paniniwalang ito ng mga Asyano ang nagsisilbing liwanag sa paggawa ng kabutihan. Ito rin ang naging pamantayan nila sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Naranasan na ng mga Asyano ang iba't ibang hamon sa buhay tulad ng mga kalamidad, pananakop at pagsasamantala ng mga makapangyarihang bansa, matinding kahirapan, at mga karamdaman na naging dahilan kung bakit kinailangan nila ng relihiyong kanilang masasandigan. Naghahanap ang mga Asyano ng katotohanan, kaligtasang ispiritwal, at kapayapaan ng buhay, at bilang resulta, nagkaroon ng mahigit sa isang relihiyon sa bahaging ito ng mundo.

Sa Kanlurang Asya, tatlong malalaking rehiyon ang sumilang – *Judaismo*, *Kritiyanismo*, at *Islam*. Sa Timog Asya nagmula ang *Hinduismo* at *Budhismo*. Bukod sa mga ito, may iba pang relihiyon ang matatagpuan sa Asya, ito ay ang *Zoroastrianismo*, *Sikhismo*, *Jainismo*, at *Sufismo*. Sa bansang Tsina, kinikilalang relihiyon ang pinagsamang paniniwala at seremonyang may kinalaman sa *Confucianismo* at *Taoismo*. Ang mga tao naman sa bansang Hapon ay naniniwala sa relihiyong *Shintoismo*

Bagamat iba't iba ang paniniwala ng mga relihiyong ito sa Asya, malinaw na nagkakaisa naman ang mga ito sa layuning mapabuti ang sangkatauhan. Anuman ang relihiyong kinabibilangan ng isang tao, mahalagang matutunan na igalang ito ng iba. Ito ay hindi dapat ipilit o idikta ng sinuman sapagkat bawat isa ay may karapatang pumili at maging myembro ng relihiyong magbibigay sa kanya ng katiwasayan ng puso at isip. Hindi rin natin dapat ituring na iba sa atin ang isang taong may ibang relihiyon o paniwala sa atin dahil anuman ang relihiyong kinaaaniban ng isang tao at anuman ang ritwal o seremonyang sinusunod ng isang relihiyon sa pagsamba, iisa pa rin ang Diyos na pinapupurihan natin sa mga biyayang ating natatanggap, at dinarasalan at tinatawag nating lahat sa oras na tayo'y nangangailangan ng tulong at kalinga.

Tingnan natin kung naunawaan mo ang teksto. Isulat mo ang sagot sa bawat tanong sa iyong sagutang papel.

A.

1. Saan isinilang ang mga pangunahing relihiyon sa daigdig?

2. Ano ang iisang paniniwala ng iba't ibang relihiyon sa daigdig?

3. Anu-ano ang tatlong malalaking relihiyon sa Kanlurang Asya?

4. Anu-anong relihiyon ang nagmula sa Timog Asya?

5. Ano ang kinikilalang relihiyon sa bansang Tsina?

6. Ano naman ang pinaniniwalaang relihiyon sa bansang Hapon?

7. Anu-ano pa ang ibang relihiyong matatagpuan sa Asya?

8. Ano ang layunin ng lahat ng mga relihiyon sa Asya?

9. Maliban sa pagbibigay ng liwanag sa paggawa ng kabutihan, ano pa ang kahalagahan ng relihiyon sa mga Asyano?

10. Ano ang ginagawa natin kapag tayo ay:
    a. tumatanggap ng biyaya mula sa Diyos
    b. nangangailangan ng tulong at kalinga ng Diyos

a. ____________________________________________________________

b. ____________________________________________________________

Tiyakin naman natin ngayon kung naunawaan mo ang aralin.  Sagutin mo ang mga tanong.

B. 1. Ano ang kahulugan ng salitang <u>isinilang</u> sa unang pangungusap?  Bilugan mo ang titik ng wastong sagot

a. sumulpot    b. ipinanganak    c. itinatag

2. Ano ang kahulugan ng salitang <u>liwanag</u> sa pangtlong pangungusap?  Bilugan mo ang titik ng wastong sagot.

a. ilaw    b. gabay    c. kuryente

3. Ano ang kahulugan ng salitang <u>hamon</u> sa pangtlong pangungusap?  Bilugan mo ang titik ng wastong sagot.

a. pagsubok    b. palaisipan    c. kaguluhan

4. Ano ang kahulugan ng salitang <u>masasandigan</u> sa ikalimang pangungusap?  Bilugan mo ang wastong sagot.

a. makukuhanan ng lakas    b. pader    c. masisilungan

5. Ano ang sanhi ng pangangailangan ng mga asyano ng relihiyong masasandigan?

6. Ano ang bunga ng paghahanap ng mga Asyano ng katotohanan, kaligtasang ispiritwal, at kapayapaan ng buhay?

7. Bakit hindi dapat ipilit o idikta sa sinuman ang pagsali sa isang uri relihiyon?

8. Bakit hindi natin dapat ituring na iba sa atin ang isang taong may ibang relihiyon o paniwala sa atin?

9. Ano ang pinakaangkop na pamagat para sa teksto?  Bilugan mo ang wastong sagot.

a. Buhay Asyano    b. Mga Relihiyon sa Asya    C. Bakit May Relihiyon

10. Ano ang hindi angkop na pamagat para sa teksto?  Bilugan mo ang tamang sagot.

a. Iba't Ibang Relihiyon ng mga Asyano
b. Asya: Tahanan ng mga Pangunahing Relihiyon sa Daigdig
c. Ang mga Diyos ng mga Asyano

Narito ang mga tamang sagot. Nakuha mo kayang lahat ang mga ito?

A.
1. Asya
2. isa lamang ang makapangyarihang lumikha ng lahat ng bagay sa daigdig
3. Judaismo, Kristiyanismo at Islam
4. Hinduismo at Budhismo
5. Confucianismo at Taoismo
6. Shintoismo
7. Zoroastrianismo, Sikhismo, Jainismo, at Sufismo
8. mapabuti ang sangkatauhan
9. nagiging pamantayan nila ang relihiyon sa pang-araw-araw na pamumuhay
10. a. pinapupurihan ang Diyos
    b. dinarasalan at tinatawag natin ang Diyos para hingan ng tulong at kalinga

B.
1. c
2. b
3. a
4. a
5. ang naranasan nilang iba't ibang hamon sa buhay tulad ng mga kalamidad, pananakop at pagsasamantala ng mga makapangyarihang bansa, matinding kahirapan, at mga karamdam
6. nagkaroon ng mahigit sa isang relihiyon sa bahaging ito ng mundo
7. sapagkat bawat isa ay may karapatang pumili at maging myembro ng relihiyong magbibigay sa kanya ng katiwasayan ng puso at isip
8. dahil anuman ang relihiyong kinaaaniban ng isang tao at anuman ang ritwal o seremonyang sinusunod ng isang relihiyon sa pagsamba, iisa pa rin ang Diyos na pinapupurihan natin sa mga biyayang ating natatanggap, at tinatawag nating lahat sa oras na tayo'y nangangailangan ng tulong at kalinga
9. b
10. c

**Lagumin**

Sa sub-araling ito, natutunan mo ang pagkilala sa kahulugan ng salita, ang pagbibigay ng alternativ na pamagat, at ang pagtukoy sa sanhi at bunga.

Narito ang mahahalagang konseptong pinag-aralan mo:

Nagkakaroon ng iba't ibang kahulugan ang isang salita batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap.

Karaniwang nakabatay sa pagkaunawa ng mambabasa sa nilalaman ng teksto ang pagbibigay ng alternativ na pamagat. Ang mga sumusunod ang katangian ng isang mabuting pamagat:

a. may kaugnayan sa nilalaman ng teksto
b. hindi nagbubunyag ng kabuuan ng teksto

c. maikli at madaling tandaan
d. nakakakuha ng atensyon ng mambabasa
e. malinaw at madaling maunawaan ang mga salitang ginamit
f. pinag-iisip ang mambabasa

Tinatawag na pagkilala sa sanhi at bunga ang pagkilala sa relasyong namamagitan sa mga sitwasyong **a** at **b**, na ang ibig sabihin, ang sitwasyong **a** ang siyang sanhi ng pagkakaroon ng sitwasyong **b**. O maaari namang, ang sitwasyong **b** ang bunga o epekto ng sitwasyon **a**.

Naipakikita rin ang relasyong sanhi at bunga sa pamamagitan ng ilustrasyong ito:

1. ang **a** ang sanhi o dahilan ng **b**
2. dahil sa **a**, nangyari o naganap ang **b**
3. ang **b** ang bunga o resulta ng **a**

**Subukin**

Kaibigan, narito pa ang ilang gawaing makatutulong sa iyo para sa ganap na pag-unawa mo sa iyong aralin. Katulad kanina, sagutin mo ulit sa abot ng iyong makakaya ang mga pagsasanay sa bahaging ito, ha? Iwasan mo sanang magmadali sa pagsagot para hindi ka magkamali. Lumapit ka lang at magtanong sa iyong guro kung mayroon kang hindi maunawaan. O, handa ka na ba ulit sa pagsagot? Sige, simulan mo na.

I. Piliin mo sa loob ng kahon ang angkop na pangatnig para sa bawat pangungusap upang maipakita ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.

Ayon sa mga kwento, mababait ang lahat ng mga tao noong araw (_____1_____) kapag sila'y namatay, nagiging anghel sila sa langit. Wala raw kaluluwang gumagala sa kalupaan (_____2_____) lahat ng namatay ay napupunta sa kalangitan.

Si Lucifer, ang pinakamatalinong anghel sa lahat (______3_____) pinili siya ng Diyos upang maging lider o pinuno ng mga anghel sa langit. Nang magtagal, naging mayabang na anghel si Lucifer. Akala niya ay makakaya niyang talunin ang Diyos, at (______4______), palagi niyang hinahamon ang Diyos sa isang duwelo. Naging malala pa ang pagiging mayabang ni Lucifer sa paglipas ng mga araw (______5______) tinanggap na ng Diyos ang hamon nito. Ngunit bago maganap ang duwelo, pinulong ng Diyos ang lahat ng mga anghel sa langit (______6______) gusto niyang pumili ang mga anghel kung kanino sila kakampi, kung sa Kanya ba o kay Lucifer. Dalawa lamang ang pamimilian ng mga anghel, ang Diyos o si Lucifer, pero nahati sila sa tatlong grupo. Ang unang grupo ay kumampi sa Diyos. Ang pangalawang grupo ay kumampi kay Lucifer. Ang pangatlong grupo naman ay walang kinampihan sinuman sa Diyos at kay Lucifer. Natatakot silang magkamali, at (______7______) wala silang kinampihan sinuman sa dalawa. .

Naganap ang duwelo ng Diyos at ni Lucifer, at (______8______), nanalo ang Diyos at natalo si Lucifer. Si Lucifer at ang mga kumampi sa kanya ay inihulog ng Diyos sa impyerno. Si Lucifer ang kilala natin ngayon bilang Satanas. Ang grupo ng mga anghel na walang kinampihan ay inihulog

| |
|---|
| ng Diyos sa mundo. Ang iba sa kanila ay nahulog sa karagatan at naging mga sirena at syokoy, ang iba ay sa kagubatan naman napunta at naging mga ada, diwata, kapre, tikbalang, tyanak at nuno sa punso. Ang iba naman ay napunta sa kabayanan at naging mga duwende (______9_____) raw may mga duwende tayong kasa-kasama sa ating bahay. Samantala, ang mga anghel na kumampi sa Diyos ay muli Niyang pinabalik sa kalangitan (_____ 10______) nanatili silang mga anghel sa langit. Sila ang mga anghel na nagbabantay at nangangalaga sa atin sa anumang oras. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| kaya | bunga nito | sapagkat | dahil dito |
| kaya naman | dahil | bilang resulta | |

II. Sumulat ka ng limang pamagat na naangkop sa teksto.

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________
5. ____________________________________________

Alamin mo kung talagang naunawaan mo na ang aralin. Narito ang mga tamang kasagutan, iwasto mo ang iyong mga sagot.

I.
1. kaya, dahil dito
2. sapagkat, dahil
3. kaya
4. dahil dito, bunga nito
5. kaya
6. dahil, sapagkat
7. bunga nito
8. bilang resulta
9. kaya
10. kaya naman

II. Ipatsek mo sa iyong guro ang iyong mga isinulat na alternativ na pamagat.. Sasabihin niya sa iyo kung angkop ba para sa teksto ang mga inilista mong pamagat.

Kumusta ang iyong mga sagot, kaibigan? Mataas ba ang nakuha mong marka? Kung may mga bahaging hindi mo pa nakuha ang wastong sagot, huwag ka ulit malungkot. Sagutin mo lang ang mga gawain sa **Paunlarin**. Makatutulong ito sa iyo para mas maunawaan mo pang mabuti ang iyong aralin**.** Pero kung sa palagay mo ay mataas na ang markang nakuha mo, maaari nang huwag mong gawin ang mga gawain sa **Paunlarin**, at sa halip, magtuloy ka na sa pagsagot ng ikaapat na modyul.

**Paunlarin**

Simulan mo nang sagutin mo ang mga gawain sa bahaging ito kung tapos ka nang magpahinga para makita mo kung gaano ka na kahusay.

I. Basahin mo ang teksto at pagkatapos, gawin mo ang mga gawaing kaugnay nito na naksulat sa Ibaba

Ang Islam

Ang Islam ang pinakabatang relihiyon sa daigdig. Ito ay tinatawag ding Mohamedanismo, galing sa tagapagtatag na si Mohammed. Itinatag ni Mohammed ang relihiyong Islam matapos na gugulin niya ang panahon sa pagmumuni-muni sa mga suliraning panlipunan ng Mecca. Sa isa sa mga pagmumuning ito ay nagpakita sa kanya si Arkanghel Gabriel na nag-iwan ng mensaheng "walang ibang Diyos kundi si Allah". Ngunit dahil iba't ibang diyos ang pinaniniwalaan ng mga Arabe noong panahong iyon, pinagtawanan at tinuligsa nila si Mohammed. Kaya noong 622 AD, siya at ang kanyang mga tagasunod ay lumikas patungong Yatrib na pinangalanang Medina o ang "Lungsod ng Propeta". Ang paglalakbay na iyon ay tinawag na *Hegira* o *Hijra*.

Sa Medina, si Mohammed ay tinanggap bilang pinuno at mambabatas bukod pa sa pagiging propeta. Pinagsanib niya ang pangangaral at pakikibaka. Unti-unting lumago ang bagong relihiyon kasabay ng pagwawagi ng mga Muslim laban sa mga taga-Mecca. Noong 630 AD, matagumpay silang nakabalik sa Mecca at pinagsisira nila ang mga imahe roon. Sa Mecca niya itinatag ang sentro ng relihiyong Islam. Ang Koran ay ang sagradong aklat na naglalaman ng mahahalagang aral ni Mohammed para sa mga Muslim. Kung gaano kahalaga sa mga Kristiyano ang Biblia, ganoon din kahalaga ang Koran sa mga nananalig kay Allah.

Ayon kay Mohammed, ang Diyos ang makapangyarihan sa lahat at siyang lumikha ng sandaigdigan. Isinugo ng Diyos ang mga propeta upang turuan at iligtas ang sangkatauhan sa kasalanan. Ang kabutihan at katarungan sa Islam ay nagsisimula sa paggalang sa magulang. Sa tahanan nagsisimula ang pagtuturo ng pagkamagalang, kabutihan, at iba pang kabutihang asal.
Tulad ng mga Kristyano, naniniwala rin ang mga Muslim sa paghuhukom. Ang mabubuting tao
ay makatatamo ng buhay na walang-hanggan at ang masasamang tao ay patuloy na maghihirap.

Muli, sagutin mo ang mga tanong upang malaman mo kung naunawaan mo nang ganap ang teksto.

A.

1. Sino ang nagtatag ng relihiyong Islam?

2. Kailan niya itinatag ang relihiyong islam?

3. Ano pa ang isang tawag sa relihiyong islam?

4. Ano ang iniwang mensahe ni Anghel Gabriel kay Mohammed nang magpakita ito sa kanya?

5. Ano ang sanhi ng pagtuligsa at pagtawa kay Mohammed ng mga Arabe?

6. Ano ang naging bunga ng pagtuligsa at pagtatawang iyon kay Mohammed ng mga Arabe?

7. Ano ang tawag sa paglalakbay na isinagawa ni Mohammed?

8. Ano ang naging bunga ng paglalakbay ni Mohammed sa Medina?

9. Ano ang Koran?

10. Ano ang pagkakatulad ng Kristyanismo sa relihiyong Islam?

II. Pumili ka ng sampung salita sa teksto at ibigay mo ang kahulugan batay sa pagkakagamit ng mga ito sa pangungusap.

| Salita | Kahulugan ayon sa pagkakagamit sa pangungusap |
|---|---|
| 1. ______________________ | ______________________________________________ |
| 2. ______________________ | ______________________________________________ |
| 3. ______________________ | ______________________________________________ |
| 4. ______________________ | ______________________________________________ |
| 5. ______________________ | ______________________________________________ |
| 6. ______________________ | ______________________________________________ |
| 7. ______________________ | ______________________________________________ |
| 8. ______________________ | ______________________________________________ |
| 9. ______________________ | ______________________________________________ |
| 10. _____________________ | ______________________________________________ |

III. Umisip ka ng dalawang alternativ na pamagat para sa teksto.

Alternartiv na Pamagat 1: ______________________________________________

Alternativ na Pamagat 2: ______________________________________________

Iwasto mong muli ang iyong mga sagot.

I. 1. Mohammed
2. Mohamedanismo
3. matapos niyang gugulin ang panahon sa pagmumuni-muni sa mga suliraning panlipunan ng Mecca
4. "walang ibang Diyos kundi si Allah'
5. dahil iba't ibang diyos ang pinaniniwalaan ng mga Arabe noong panahong iyon
6. siya at ang kanyang mga tagsunod ay lumikas noong 622AD patungong Medina
7. Hegira o Hijra
8. unti-unting lumago ang bagong relihiyong Mohamedanismo kasabay ng pagwawagi ng mga Muslim laban sa mga taga-Mecca
9. sagradong aklat na naglalaman ng mahahalagang aral ni Mohammed sa mga Muslim
10. ang mga Kristyano at Muslim ay parehong naniniwala sa paghuhukom. Pareho ding naniniwala ang dalawang relihiyong ito na ang mabubuting tao ay makatatamo ng buhay na walang-hanggan at ang masasamang tao ay patuloy na maghihirap.

II. Ipatsek mo sa iyong guro ang iyong sagot. Sasabihin niya sa iyo kung tama ang mga ibinigay mong kahulugan sa mga salitang napili mo.

III. Ipatsek mo sa iyong guro ang sagot. Sasabihin niya sa iyo kung angkop sa teksto ang dalawang alternativ na pamagat na iyong ibinigay.

O, alam kong mataas ang markang nakuha mo kaya binabati kita. Binabati din kita sa iyong pagsisikap at pagtitiyagang matuto. Gusto kong sabihin sa iyo na, natutuwa ako dahil matagumpay mong natapos ang modyul na ito. Ngayon ay natitiyak kong handang-handa ka na para sa ikaapat na modyul. Hangad ko para sa iyo ang isang masaya at matagumpay na pag-aaral sa ikaapat mong modyul. Pero bago iyon, kailangang sagutin mo muna ang pangwakas na pagsusulit na inihanda ko para sa iyo. Madali lamang ito at alam kong kayang-kaya mo!

Kaibigan, bago mo sagutin ang pangwakas na pagsusulit, magpapaalam na muna ako sa iyo. Hanggang dito na muna ang ating pagsasama. Hanggang sa muli, kaibigan. Magandang araw sa iyo!

## *Gaano ka na kahusay?*

I. Hanapin mo sa **Kolum B** ang isinasaad sa **Kolum A.** Letra lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

**Kolum A**

A. 1. Tawag sa panlaping isinisingit sa pagitan ng unang katinig at kasunod na patinig ng punong salita
2. Tawag sa salitang binubuo ng punong salita at panlapi
3. Tawag sa panlaping ikinakabit sa hulihan ng punong salita
4. Tawag sa panlaping ikinakabit sa unahan ng punong salita
5. Tawag sa pares ng salitang magkaiba ang kahulugan ngunit magkatulad na magkatulad sa bigkas maliban sa isang tunog o ponema sa magkatulad na posisyon

**Kolum B**

a. maylapi
b. hulapi
c. unlapi
d. pares minimal
e. gitlapi

B. 1. Tawag sa pagbubuo ng salita kung ang kabuuan nito o ang isa o higit pang pantig nito sa dakong unahan ay inuulit
2. Tawag sa pag-uulit ng bahagi lamang ng punong salita
3. Tawag sa dalawang salitang pinagsama at nakabuo ng isa lamang salita
4. Tawag sa pag-uulit nang buo sa punong salita
5. Tawag sa pagbubuo ng salita sa pamamagitan ng pagsasama ng punong salita at panlapi

a. tambalan
b. ganap na pag-uulit
c. paglalapi
d. di-ganap o parsyal na pag-uulit
e. pag-uulit

II. Hanapin mo sa kolum B ang karugtong ng parirala sa kolum A upang mabuo ang pangungusap at maipakita ang sanhi at bunga ng mga pangyayari. Letra lamang ang isulat mo sa iyong sagutang papel.

1. Pulu-pulo kasi ang Pilipinas at watak-watak watak ang damdamin ng mga Pilipino, at bunga nito…
2. Naging mapang-abuso ang mga prayle at guardia civil sa mga Pilipino na nagresulta ng….
3. Likas na mapagmahal sa kalayaan ang mga Pilipino, kaya…
4. Ang katapangan, kagitingan, at pagmamahal sa bayang ipinakita ng mga Pilipino ay ay nagbunga ng…
5. Ngunit bago pa man dumating ang mga Kastila, matagal na tayong nakipagkalakalan

a. pagwawakas ng pananakop ng mga Kastila sa loob ng tatlong daang taon.
b. nagbuwis sila ng buhay upang muling mabawi ang kalayaang inagaw ng mga dayuhang Kastila.
c. pakikibaka at paghihimasik ng mga Pilipino laban sa kanila.
d. madali tayong nasakop ng mga dayuhang Kastila.
e. naimpluwensyahan tayo ng dayuhang sumakop sa atin

sa mga Tsino, at dahil dito….

6. Naiba ang anyo ng mga Pilipino ngayon sa anyo ng mga katutubong Pilipino noong unang panahon dahil sa…
7. Nabago din ang maraming bagay sa atin tulad ng paraan ng ating pamumuhay, pananamit, pagkain, at iba pa, sapagkat…
8. Nagkaroon din ng kaisipang kolonyal ang mga Pilipino sa dahilang…
9. Kaya naman ngayon, maraming Pilipino ang nangangarap manirahan sa ibang bansa bunga ng…
10. Gayon pa man, may ilan pa ring mga Pilipino ang naniniwalang mas gusto nilang manatili sa bansa sapagkat…

f. pagnanais na magkaroon ng mas mataas na sweldo at mas maunlad na buhay at para makaiwas sa kahirapan.
g. mahal nila ang kanilang bansang sinilangan at ayaw nilang malayo sa mga mahal nila sa buhay.
h. namana natin ang marami nilang mga kaugalian at paniniwala.
i. naniwala tayong mas magaling at mas mabuti ang kultura ng ibang lahi kaysa sarili nating kultura.
j. pagpapakasal ng mga katutubong Pilipino noong araw sa mga dayuhang nanirahan sa Pilipinas.

III. Idrowing mo ang ☺ sa bilang ng pares ng salitang maituturing na pares minimal.

________1. lamay : kamay (*wake : hand*)
________2. baso : laso (*glass : ribbon*)
________3. pagod : hagod (*tired : massaging*)
________4. suka : suko (*vinegar : surrender*)
________5. kulot : pulot (*curly : honey*)
________6. sampa : sumpa (climb : curse)
________7. lagay : tagay (*condition : toast*)
________8. lalim : talim (*depth : blade*)
________9. hukay : buhay (*pit : life*)
_______10. bangga : sangga (*collision : shield*)
_______11. damayan : kamayan (*to give feeling of sympathy : to shake one's hand*)
_______12. pila : hila (*line : pull*)
_______13. pinto : hinto (*door : stop*)
_______14. puto : kuto (*rice cake : louse/lice)*
_______15. katok : batok (*knock : nape*)

IV. Isulat mo kung ang pagkakabuo sa punong salita ay sa pamamagitan ng a. paglalapi b. pagtatambal at c. pag-uulit. Letra lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

1. masayang-masaya
2. kakaunti
3. akyat-panaog
4. layu-layo
5. sirang-sira
6. tatalun-talon
7. kinilala
8. bulaklakin
9. basag-ulo
10. kapit-bisig
11. asahan
12. nilangaw
13. kasa-kasama
14. bantay-salakay
15. unti-unti

V. Basahin mo ang teksto. Pagkatapos, gawin mo ang mga gawaing kaugnay nito na nakasulat sa ibaba.

Ang Relihiyong Buddhismo

Ang relihiyong Buddhismo ay sumilang noong ika-6 na siglo sa Hilagang India. Si Siddharta Gautama Buddha na ipinanganak noong 560 BC sa may Timog Nepal ang *nagpasimula* ng relihiyong ito. *Ikinabit* sa kanyang pangalan ang Buddha na ang ibig sabihin ay "Ang Naliwanagan". Si Siddharta ay isang prinsipe na nagtataglay ng lahat ng bagay upang maging masaya sa buhay. Ngunit sa edad na 29, iniwan niya ang lahat ng ito at maging ang kanyang pamilya upang hanapin ang kasagutan sa mga katanungan niya tungkol sa paghihirap ng tao. *Lumabas* siya sa palasyo, naglakbay siya sa loob ng anim na taon at nabuhay sa pamamagitan ng pamamalimos. At dito siya ganap na *naliwanagan*. Sa loob ng 49 na araw ay *nagbulay-bulay* siya at nadama niya ang *susi* sa hinahanap na dahilan sa paghihirap ng mga tao. Matapos ito, ipinangaral ni Siddharta ang *Apat na Dakilang Katotohanan o* ang *Four Noble Truths*.

Layunin ng Buddhismo na *makawala* ang tao sa walang katapusang gulong ng buhay at kamatayan. Makakamit ng tao ang *Nirvana* o ang *walang hanggang* kaligayahan kung masusunod niya ang *landas* patungo rito. Hindi inisip ni Saddharta na magtayo ng isang bagong relihiyon. Nais lamang niya na baguhin ang Hinduismo: tanggalin ang kontrol ng mga

Brahman sa relihiyon at bigyan ng pag-asa ang mga nasa mababasang *caste*. Ngunit nang siya ay *pumanaw* itinuring siyang isang diyos ng kanyang mga tagasunod at naging isang relihiyon ang Buddhismo. Sa kasalukuyan, ang relihiyong Buddhismo ay laganap sa mga bansang tulad ng Vietnam, Cambodia, Mongolia, Korea, Tsina, at Thailand.

A. Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong relihiyon ang sumilang sa Hilagang India noong ika-6 na siglo?

2. Sino ang nagpasimula ng relihiyong Buddhismo?

3. Ano ang kahulugan ng pangalang "Buddha?"

4. Bakit lumabas ng palasyo si Siddharta?

5. Paano nabuhay si Siddharta sa labas ng palasyo?

6. Ano ang bunga ng pagbubulay-bulay ni Siddharta sa loob ng 49 na araw?

7. Ano ang ipinangaral ni Siddharta?

8. Ano ang layunin ng Buddhismo?

9. Ano ang naging bunga ng pagsisikap ni Saddharta na mabago ang kalagayan ng mga tao?

10. Saan-saang bansa laganap ngayon ang relihiyong Buddhismo?

B. Hanapin mo sa kolum B ang kahulugan ng mga salitang *nakahilig* sa kolum A. Letra lamang ang isulat mo sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. *nagpasimula* ng relihiyon | a. nag-isip nang mabuti |
| 2. *ikinabit* sa pangalan | b. walang katapusan |
| 3. *lumabas* sa palasyo | c. nanguna |
| 4. ganap na *naliwanagan* | d. daan |
| 5. *nagbulay-bulay* siya | e. isinama |
| 6. nadama ang *susi* | f. namatay |
| 7. *makawala* ang tao | g. nangibang-bayan |
| 8. *walang hanggang* kaligayahan | h. kasagutan |
| 9. siya ay *pumanaw* | i. nabuksan ang isip |
| 10. *landas* patungo dito | j. makalaya |

C. Bigyan mo ng alternativ na pamagat ang teksto. .

___________Ang Relihiyong Buddhismo__________
(Orihinal na Pamagat)

_____________________________________________
(Alternativ na Pamagat)



Susi sa Pagwawasto

Modyul 3
Pagsusuri sa Kayarian/ Kahulugan ng Salita
Pagtukoy sa Sanhi at Bunga at
Pagbibigay ng Alternativ na Pamagat

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| I. A. 1. e | 2. a | 3. b | 4. c | 5. d |
| B. 1. e | 2. d | 3. a | 4. b | 5. c |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| II. 1. d | 3. b | 5. h | 7. e | 9. f |
| 2. c | 4. a | 6. j | 8. i | 10. g |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| III 1. | 4. ☺ | 7. | 10. ☺ | 13. ☺ |
| 2. ☺ | 5. ☺ | 8. | 11. | 14. ☺ |
| 3. | 6. | 9. ☺ | 12. ☺ | 15. |

| | | |
|---|---|---|
| IV. 1. c | 6. c | 11. a |
| 2. a | 7. a | 12. a |
| 3. b | 8. a | 13. c |
| 4. c | 9. b | 14. b |
| 5. c | 10. b | 15. c |

V. A.
1. Buddhismo
2. Siddharta Gautama Buddha
3. “Ang Naliwanagan”
4. upang hanapin ang kasagutan sa mga katanungan niya tungkol sa paghihirap ng tao
5. sa pamamagitan ng pamamalimos
6. nadama niya ang susi sa hinahanap na dahilan sa paghihirap ng tao
7. Ang “Apat na Dakilang Katotohanan” o “Four Noble Truths”
8. makawala ang tao sa walang katapusang gulong ng buhay at kamatayan
9. itinuring siyang Diyos nang siya’y pumanaw at naging relihiyon ang Buddhismo
10. Vietnam, Cambodia, Mongolia, Korea, Tsina, at Thailand.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| B. 1. c | 3. g | 5. a | 7. j | 9. f |
| 2. e | 4. i | 6. h | 8. b | 10. d |

C. Para sa guro: Itsek ang alternativ na pamagat na ibinigay ng estudyante para sa teksto.